NAZARENE

# ESSENTIALS

ANG ATING PAGKAKAKILANLAN AT PINANINIWALAAN

## TAGALOG VERSION

CHURCH OF THE NAZARENE

ISINULONG NG
BOARD OF GENERAL SUPERINTENDENTS
CHURCH OF THE NAZARENE

© Copyright 2015. All rights reserved. Church of the Nazarene, Inc.

Ang lahat ng talatang ginamit, maliban na isinulat, ay mula sa Biblia, Ang Salita ng Diyos (Tagalong Contemporary Bible)®, Copyright© 2009, 2011, 2014, 2015 Biblica, Inc.™ Ginamit ng may pahintulot. Ang Salita ng Diyos (Tagalog Contemporary Bible) ay nakarehistro sa Biblica, Inc.® All rights reserved worldwide.

# MGA NILALAMAN

PANIMULA SA NAZARENE ESSENTIALS

ANG ATING MINANANG KABANALAN AYON KAY WESLEY

ANG ATING IGLESIA SA BUONG MUNDO

ANG ATING MAHALAGANG PANINIWALA

ANG ATING MISYON

ANG ATING KATANGIAN BILANG NAZARENO

ANG ATING TEOLOHIYA AYON KAY WESLEY

ANG ATING SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

ANG ATING IGLESIA

ANG PAMUMUNO SA ATING IGLESIA


ANG IGLESIA: LOKAL, PANG-DISTRITO AT GLOBAL

ANG MAGKAKAUGNAY NA IGLESIA

ANG IGLESIA NG DIYOS SA PINAKAMATAAS NITONG ANYO SA LUPA AT SA LANGIT, AY MAY MGA PAGTITIPON, MGA PAGTUTURO AT NAGKAKAISANG PAGSAMBA UPANG TULUNGAN ANG ISANG INDIBIDWAL NA MAGING KAWANGIS NG ANAK NG DIYOS.

**–PHINEAS F. BRESEE**

UNANG GENERAL SUPERINTENDENTE NG CHURCH OF THE NAZARENE



# PANIMULA SA NAZARENE ESSENTIALS



Hiniling ng bagong henerasyon ng mga pastor at lumalagong bilang ng mga mananampalataya na mailathala sa isang maikli at madaling maunawaang wika ang mga pangunahing katuruan ng iglesia: ang pinagmulan, teolohiya, misyon, pananalapi at mga ugnayan ng Church of the Nazarene.

Ipinapaliwanag ng *Nazarene Essentials* kung bakit umiiral ang Church of the Nazarene bilang isang kilusang naniniwala sa kabanalan at Dakilang Kautusan hango sa tradisyong Wesleyan-Arminian.

Para sa mga pastor at manggagawa, ang *Nazarene Essentials* ay nagtuturo upang mas madaling maunawaan ang layunin ng iglesia na magpalaganap ng kabanalan ayon sa Biblia at misyon ng iglesia na gumawa ng mga alagad na tulad ni Kristo sa lahat ng bansa.

Ang *Nazarene Essentials* ay matatagpuan din sa internet. Pumunta sa pahina ng general superintendents sa nazarene.org o kaya ay sa www.nazarene.org/essentials. Makikita mo rin sa website na ito ang mga dagdag na babasahin kasama ang Nazarene Essentials na naisalin sa iba't-ibang wika.

Sa pagbabasa at pag-aaral mo ng *Nazarene Essentials*, nawa ay marami kang matutunan tungkol sa Church of the Nazarene at sa naisin nito sumunod sa pagbabahagi ng mabuting balita ni Hesu Kristo.

Paalala: Ang *Nazarene Essentials* ay isang dagdag na tulong at hindi pamalit sa Church of the Nazarene Manual, www.nazarene.org.



John Wesley, 1703-1791
Nagtatag ng Methodist Movement

# ANG ATING MINANANG KABANALAN

# AYON KAY WESLEY

Kinikilala ng Church of the Nazarene na ito ay kabahagi  ng “isa, banal, katoliko, at apostolikong” iglesya ni Kristo, at niyayakap bilang kanya ang kasaysayan ng mga lingkod ng Diyos na naitala sa Luma at Bagong Tipan at ng mga lingkod ng Diyos sa paglipas ng panahon, sa anumang pagpapahayag ng iglesya ni Kristo sila natagpuan. Tinatanggap nito ang pangkalahatang paniniwala ng unang limang siglo ng Kristiyanismo bilang pagpapahayag ng sarili nitong pananampalataya.

Kinikilala nito ang makasaysayang iglesia sa pagpapahayag ng Salita, pagsasagawa ng mga sakramento, pagpapanatili ng ministeryo ng iglesiang may pananampalataya at paggawa, at isinasabuhay ang halimbawa ng pamumuhay at paglilingkod ni Kristo. Kasama nito ang mga banal sa pagtugon sa panawagan sa pamumuhay ng may kabanalan at lubos na pag-ibig sa Diyos, na ipinahahayag nito sa pamamahagitan ng katuruan ng lubos na pagbabanal.

Ang minana nating Kristiyanismo ay ang ika-16 na siglong Repormasyon sa England at ang ika-18 siglong "revival" sa pamumuno ni Wesley. Sa pamamagitan ng pagpapahayag nina John at Charles Wesley, ang mga tao sa buong England, Scotland, Ireland at Wales ay tumalikod sa kanilang kasalanan at humayo bilang mga lingkod ni Kristo.

Ang "revival" na ito ay inilarawan sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga karaniwang tao, mga patotoo, pagkakaroon ng disiplina, at mga grupo ng tapat na disipulo na kilala bilang "societies," "classes," at "bands." Kabilang sa mga palatandaan sa katuruan ng Wesleyan revival ay: katuwiran sa pamamagitan ng biyaya dulot ng pananampalataya, pagpapabanal, gayundin sa pamamagitan ng biyaya dulot ng pananampalataya; at ang patotoo ng Banal sa Espiritu sa katiyakan ng biyaya ng Diyos.

Ang natatanging kontribusyon ni John Wesley ay ang pagbibigay niya ng halaga sa lubos na pagpapabanal bilang natatanging kaloob ng Diyos sa ating buhay Kristiyano. At mga katuruang ito ay lumaganap sa buong mundo. Sa North America, ang Methodist Episcopal Church ay itinatag noong 1784 "upang baguhin ang buong kontinente, at palaganapin ang kabanalan na sinasabi ng Biblia sa buong lupaing ito."

Isang bagong katuruan tungkol sa kabanalan ang nabuo sa kalagitnaan ika-19 na siglo. Inumpisahan ito ni Merritt mula sa Boston, Massachusetts, na isang editor ng "The Guide to Christian Perfection." Pinangunahan ni Phoebe Palmer ng New York City ang pagtitipon tuwing Martes para sa Pagpapalaganap ng Kabanalan. Siya ay naging sikat na tagapagsalita, manunulat at editor. Noong 1967, ang mga Methodistang mangangaral na sina J.A. Wood, John Inskip, at iba pa mula sa Vineland, New Jersey, ay nagbuo ng mga camp meetings na nagbalik matinding pagnanais na palaganapin ang kabanalan sa buong mundo.

Ang kristianong kabanalan ay binigyang diin ng mga Wesleyan Methodists, Free Methodists, Salvation Army at ilang mga Mennonites, Brethen at Quakers. Dinala ito ng mga Ebanghelista sa Germany, United Kingdom, Scandinavia, India at Australia. Maraming natatag na iglesiang natuturo ng kabanalan kasama na ang Church of God (Anderson, Indiana). Dahil dito, maraming iglesia, misyon sa mga lungsod, at samahan ng mga misyonero ang lumago. Naitatag din ang Church of the Nazarene mula sa udyok ng mga iglesia na magkaisa dahil sa iisang paniniwala.

## PAGKAKAISA SA KABANALAN

Binuo ni Fred Hillery ang People's Evangelical Church (Providence, Rhode Island) noong 1887. Sinundan ito ng Mission Church (Lynn, Massachusetts) noong 1888. Taong 1890, sila at ang walo pang kongregasyon sa New England ay itinatag ang Central Evangelical Holiness Association. Itinalaga si Anna S. Hanscome noong 1892, bilang kauna-unahang babeng pastor na inordinahan sa hanay ng Nazarene.

Noong 1894-95, tatlong kongregasyon ang itinatag ni William Howard Hoople sa Brooklyn, New York na bumuo sa Association of Pentecostal Churches in America. Para sa kanila at sa ibang Nazarenong nagtatag nito, ang "Pentecostal" ay kasing kahulugan ng "kabanalan." Nagsama ang mga grupo nina Hillery and Hoople's noong 1896. Nagtatag sila ng gawain sa India (1899) at Cape Verde (1901). Nagtayo ng mga kongregasyon sa Canada (1902) ang Missions Executive na si Hiram Reynolds. Ang grupong ito ay umabot sa Nova Scotia hanggang Iowa noong 1907.

Itinatag ni Robert Lee Harris ang New Testament Church of Christ (Milan, Tenessee) noong 1894. Ang nabalo niyang si Mary Lee Cagle ang nagpakalat nito sa West Texas noong 1895. Itinayo ni C.B. Jernigan ang unang Independent Holiness Church (Van Alstyne, Texas) noong 1901. Nagsama

ang mga iglesiang ito sa Rising Star, Texas noong (1904) bilang Holiness Church of Christ. Taong 1908, lumaganap ito sa Georgia hanggang New Mexico, nagmiministeryo sa mga palaboy at pulubi, tumutulong sa mga ulila at dalagang ina, at nakikisama sa mga manggagawa mula India at Japan.

Sina Phineas Bresee at Joseph P. Widney, kasama ang 100 pa, ang nagbuo ng Church of the Nazarene sa Los Angeles, taong 1895. Pinanghawakan nila na ang mga Kristiyanong pinabanal sa pamamagitan ng pananampalataya ay dapat sumunod sa mga turo ni Kristo at ipangaral ang ebanghelyo sa mga mahihirap. Naniwala sila na ang oras at kayamanan nila ay dapat na ibigay sa mga ministeryo na nagpapahayag ng kaligtasan ng kaluluwa at sa pagtulong sa nangangailangan. Ang Church of the Nazarene ay mabilis na lumaganap sa Kanlurang bahagi ng Amerika, na may ilang kongregasyon sa dulong silangan ng Illinois. Sinuportahan nila ang misyon para sa mga katutubo sa Calcutta, India.

Noong Oktubre 1907, ang Association of Pentecostal Churches of America at ang Church of the Nazarene ay magkasamang nagtipon sa Chicago, Illinois, upang gumawa ng pamunuan na may balanseng pamamahala at kaparatan ng kongregasyon. Ang mga superintendente ang siyang mag-aalaga sa naitatag na iglesia at isaayos at palakasin ang mga bagong iglesia ngunit hindi panghimasukan ang mga aksyon na pinatutupad ng mga organisadong iglesia. Nakilahok dito ang mga delegado ng Holiness Church of Christ. Pinagtibay ng unang General Assembly ang pinagsamang pangalan ng dalawang organisasyon: Pentecostal Church of the Nazarene. Inihalal sina Bresee at Reynolds bilang mga general superintendents.

Noong Setyembre 1908, nakiisa sa mga Pentecostal Nazarenes ang Pennsylvania Conference of the Holiness Church sa ilalim ni H.G. Trumbaur. Oktubre 13 naman ginanap ang pangalawang General Assembly sa Pilot Point, Texas, kasama ang pamunuan ng Holiness Church of Christ, upang pag-isahin ang dalawang iglesia.

Sa pangunguna ni J. O. McClurkan, ang Pentecostal Mission ay nabuo sa Nashville taong 1898 pinag-isa nito ang mga mananampalataya mula sa Tennessee at mga katabi nitong probinsya. Nagpadala sila ng mga pastor at mga guro sa Cuba, Guatemala, Mexico, at India. Noong 1906, pinaalis si George Sharpe sa Parkhead Congregational Church sa Glasgow, Scotland, dahil sa pangangaral ng doktrina ni Wesley tungkol sa kabanalan. Nabuo ang Parkhead Pentecostal Church, at ilan pang kongregasyon ang naitatag ang Pentecostal Church sa Scotland ay naitatag noong 1909. Ang Pentecostal Mission at Pentecostal Church sa Scotland ay nakipag-isa na rin sa Pentecostal Nazarenes noong 1915.

Ang ika-limang General Assembly (1919) ang nagbago sa pangalan ng denaminasyon na maging Church of the Nazarene. Ang salitang "Pentecostal" ay hindi na kasing-kahulugan sa doktrina ng kabanalan mula ng una itong ikabit sa pangalan ng mga nagtatag ng iglesia noong ika-19 na siglo. Ang bagong denaminasyon ay nanatiling tapat sa orihinal nitong misyon na ipangaral ang mabuting balita ng kaligtasan.



General Assembly Pilot Point, Texas, USA, October 13, 1908



# ANG GLOBAL NA IGLESIA

Ang mahalagang katangian ng Church of the Nazarene ay hinubog ng mga iglesiang nagkaisa noong 1915. Pandaigdigang aspeto ang katangian nito. Nagsimula nang sumuporta ang mga naitatag na iglesia sa Estados Unidos, India, Cape Verde, Cuba, Canada, Mexico, Guatemala, Japan, Argentina, United Kingdom, Swaziland, China at Peru. Taong 1930, umabot na rin ito sa South Africa, Syria, Palestine, Mozambique, Barbados, at Trinidad. Mahalaga ang naging papel ng mga lokal na lider sa prosesong ito, tulad ng mga district superintendents, na sina V.G. Santin (Mexico), Hiroshi Kitagawa (Japan) at Samuel Bhujbal (India). Lalong sumidhi ang ang ating pandaigdigang karakter sa pagdagdag ng mga iglesia.

Taong 1922, pinangunahan ni J.G. Morrison ang pagpasok sa iglesia ng mga miyembro ng Layman's Holiness Association at mahigit sa 1,000 nito sa Dakotas, Minnesota, at Montana. Nagkaisa ang mga iglesia sa Australia sa ilalim ni A.A.E. Berg noong 1945. Si Alfredo Del Rosso ang nagdala sa mga iglesia ng Italia sa denominasyon, noong 1948. Mga taong 1950, nakiisa sa mga Nazarene ang Hephzibah Faith Missionary Association mula sa South Africa at ang kanilang center sa Tabor, Iowa.

Ang International Holiness Mission, na itinatag sa London ni David Thomas noong 1907, ay bumuo ng malaking gawain sa Timog Africa sa ilalim ni David Jones. Taong 1952, ang mga iglesia sa England sa pamumuno ni J.B. Maclagan at ang gawain sa Africa ay nakiisa sa mga Nazarenes. Ang Calvary Holiness Church sa Britanya na binuo nina Maynard James at Jack Ford noong 1934 ay nakiisa sa Nazarenes noong 1955. Ang Gospel Workers Church, na itinatag ni Frank Goff sa Ontario, Canada noong 1918, ay sumali sa Church of the Nazarene noong 1958. Ang mga Nigerians ay nagtatag ng

Church of the Nazarene sa pagitan ng taong 1940 at taong 1988 sa ilalim ni Jeremiah U. Ekaidem nakiisa sila sa internasyonal na iglesia. Ang mga ito ay nagpatatag sa internasyonal na katangian ng Church of the Nazarene.

Dahil sa paglagong ito, bumuo ng isang modelong iglesia ang mga Nazareno na iba sa modelong Protestante. Noong 1976, isang grupo ang nag-aral kung ano ang magiging hitsura ng ating denaminasyon sa hinaharap. Ito ay iniulat noong 1980, at iminungkahi sa General Assembly na magkaroon ng pamantayan ng "internationalization" na nakabatay sa dalawang prinsipyo:

Una, kinilala dito na ang mga iglesiang Nazareno at mga distrito sa buong mundo ay binubuo ng "lupon ng mga mananampalataya" na kinikilala ang kanilang kultura.

Pangalawa, kinilala nito ang iisang layunin sa natatanging misyon ng Church of the Nazarene, ang "ipangaral ang espirituwal na kabanalan..." [bilang] pangunahing katangian na hindi maaring mabago sa pagkakakilanlan ng Nazarene.

Pinagtibay ng 1980 General Assembly ang "pangkalahatang paniniwala" na nakasaad sa Saligan ng Pananampalataya at ang kahalagahan ng pagsasanay ng lahat ng mga pastor, hinimok nito ang suporta para sa pagkakaroon ng mga paaralan na magtuturo ng teolohiya sa bawat rehiyon sa mundo. Ito ang panawagan sa mga Nazareno na kabilang sa isang hanay kung saan binabali ang kolonyal na mentalidad ng "malakas at mahina," "tagapagbigay at tagatanggap;" sa halip, "ang lahat ay may bagong pananaw tungkol sa mundo; tinatanggap ang kakayahan at pagkakapantay-pantay ng lahat ng kasapi."[1]

Ang Church of the Nazarene ay nagkaroon ng di pangkaraniwang paglago kumpara sa ibang Protestanteng grupo. Taong 1998, kalahati ng mga Nazareno ay hindi taga-Estados Unidos at Canada, at 41 porsyento ng mga delegado sa 2001 General Assembly ang nagsasalita ng Ingles bilang pangalawang wika o hindi nagsasalita nito. Isang Afrikano, si Eugenio Duarte na taga-Cape Verde, ang naihalal bilang isa sa mga General Superintendent noong 2009.

## KATANGIAN NG MINISTERYONG INTERNASYONAL

Ang ministeryo ng Church of the Nazarene ay nakasentro sa ebanghelismo, paglilingkod sa lipunan at edukasyon. Pinauunlad ito ng kooperasyon ng mga misyonero mula sa iba't-ibang kultura at ng libo-libong pastor at mga manggagawa na niyakap ang katuruang Wesleyan sa kanilang sariling kultura.

Si Hiram F. Reynolds ay naging mahusay sa pagbubuo ng Church of the Nazarene sa iba't-ibang bansa at pagpapaunlad ng Nazarenong konsepto ng ebanghelismo sa buong mundo. Sa pagiging General Superintendent sa loob ng 25 taon, binigyan niya ng mataas na prayoridad ang pagiging misyonal ng iglesia. Simula 1915, ang Nazarene Missions International (na dating Woman's Missionary Society) ay nakalikom ng pondo at nakapagturo ng misyon sa mga iglesia sa buong mundo.

Ang mga unang Nazareno ay likas na mahahabagin at nagpapatotoo sa kabutihan ng Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nagugutom sa India, pagtatayo ng mga ampunan at tahanan para sa mga dalagang ina, at misyon sa mga nalulong sa masamang bisyo at palaboy. Noong taong 1920, sinimulan ang ministeryo sa Medisina, ng ipatayo ang mga hospital sa China, Swaziland, at sumunod

sa India at Papua New Guinea. Ang mga Nazarenong nasa larangan ng medisina ang gumamot ng maysakit, nagturo ng mga nars, at nagbigay ng mga maliit na klinika sa mga mahihirap na lugar. Naitayo rin ang mga espesyal na klinika, tulad ng klinika na para sa mga may ketong sa Africa. Ang pagtatatag ng Nazarene Compassionate Ministries noong 1980s, ay nakatulong upang mapalawak ang serbisyo sa lipunan tulad ng pagtulong sa mga bata, pagtulong sa mga nasalanta ng kalamidad, pagtuturo tungkol sa AIDS, pagtulong sa mga bahay-ampunan, at mga proyektong patubig at pamamahagi ng pagkain.

Malaki ang bahagi ng Sunday School at Bible studies sa buhay ng isang iglesia, lalo na sa pagdidisipulo. Ang Church of the Nazarene ay naglaan ng panahon sa pagtuturo ng mga bata sa Hope School for Girls sa Calcutta, na naitatag noong 1905. Inihahanda ng mga paaralang Nazareno ang mga tao sa buong mundo upang maging kabahagi sa lipunan, sa pinansiyal at espiritwal na aspeto ng buhay. Marami sa mga unang Nazareno sa Estados Unidos ang nagtuturo sa elementarya at high school hanggang sa kalagitnaan ng ika-20 siglo.

Malaki rin ang inilaang pagpapahalaga ng mga nagtatag ng iglesia sa mataas na antas ng edukasyon, sa paniniwala na mahalaga ito sa paghubog ng mga pastor at mga manggagawa sa iglesia. Naitala ng International Board of Education ang ilang matataas na paaralang Nazareno sa buong mundo, kabilang dito ang mga kolehiyong pang-sining at mga unibersidad sa Africa, Brazil, Canada, Caribbean, Korea at Estados Unidos, gayundin ang mga kolehiyo na nagtuturo ng Biblia at mga institusyon, paaralan para sa mga nars sa India at Papua New Guinea, at mga mataas na paaralan ng teolohiya sa Australia, Costa Rica, England, Pilipinas at Amerika.

Sa paglipas ng panahon, ang Church of the Nazarene ay naging isang pandaigdigang komunidad ng mga mananampalataya, mula sa pagiging isang iglesia na may internasyunal na presensiya. Mula sa tradisyong Wesleyan, naniniwala ang bawat Nazareno na sila ay Kristiyano, banal at misyonal at namumuhay upang ipatupad ang misyon "na gumawa ng mga alagad na katulad ni Kristo sa mga bansa."

# ANG MISYON NG CHURCH OF THE NAZARENE AY GUMAWA NG MGA ALAGAD NA KATULAD NI KRISTO SA MGA BANSA



# ANG ATING MAHAHALAGANG PANINIWALA

## 1. Tayo ay mga Kristiyano

Bilang bahagi ng Pangkalahatang Iglesia, kasama tayo ng lahat ng tunay na mananampalataya sa pagpapahayag na si Hesu Kristo ay Panginoon, at sa pagpapatibay ng makasaysayang paniniwala sa tatlong persona ng Diyos at sa mga Kristiyanong paniniwala at pananampalataya. Pinahahalagahan namin ang katuruan tungkol sa kabanalan na nagmula sa tradisyong Wesleyan, na pinaniniwalaang ito ay paraan upang maunawaan ang pananampalatayang totoo sa Banal na Kasulatan, katwiran, tradisyon at karanasan.

Kaisa tayo ng lahat ng mananampalataya sa pagpapahayag na si Hesu Kristo ay Panginoon. Naniniwala tayo na sa pamamagitan ng banal na pag-ibig, ipinagkakaloob ng Diyos ang kapatawaran ng kasalanan at muling pagbuo ng relasyon. Sa pagkikipagkasundo sa Diyos, naniniwala kaming dapat din tayong makipagkasundo sa ating kapwa, nagmamahalan sa isat-isa tulad ng pagmamahal sa atin ng Diyos, at nagpapatawad sa ating kapwa gaya ng pagpapatawad ng Diyos sa atin. Naniniwala tayo na ang layunin ng buhay nating magkakasama ay para gawing halimbawa ang katangian ni Kristo. Tinitingnan natin ang Banal na Kasulatan bilang pangunahing pinagmumulan ng espiritwal na katotohanang pinagtitibay ng katwiran, tradisyon at karanasan.

***Kaisa tayo ng lahat ng mananampalataya sa pagpapahayag na si Hesu Kristo ay Panginoon.***

Si Hesu Kristo ang Panginoon ng Iglesia, kung saan ito rin ang sinasabi sa Nicene Creed, ang iisa, banal at pangkalahatan.  Sa pamamagitan ni Hesu Kristo at ng Banal na Espiritu, nagkakaloob ang Diyos Ama ng kapatawaran sa kasalanan at pakikipagkasundo sa buong sanlibutan. Ang mga tumutugon sa iniaalok ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ay siyang mga anak ng Diyos. Dahil sa pagpapatawad ng Diyos at pakikipagkasundo natin sa Kanya, tayo rin naman ay nagpapatawad at nakikipagkasundo sa isat-isa.  Sa ganitong paraan, tayo ang iglesia at katawan ni Kristo, at ipinahahayag natin ang pagkakaisang ito ng katawan.  Bilang isang katawan ni Kristo, mayroon tayong iisang Panginoon, iisang pananampalataya at iisang bautismo."  Pinagtitibay natin ang pagkakaisa ng simbahan ni Kristo at sinisikap na mapangalagaan ito sa lahat ng bagay (Efeso 4:5,3).

## 2. Tayo ay Naniniwala sa Kabanalan

Ang Dios, na banal, ay nanawagan sa atin na mamuhay ng may kabanalan. Naniniwala tayo na ang Banal na Espiritu ay nagnanais na maranasan natin ang ikalawang pagkilos ng biyaya ng Diyos,  na madalas tawaging "lubos na pagbabanal" at "pagbabaustismo ng Banal na Espiritu" - nililinis tayo nito sa lahat ng kasalanan,  binabago tayo sa wangis ng Diyos, binibigyan tayo ng lakas na ibigin ang Dios ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas, at ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili, at maging tulad ni Kristo.  Ang kabanalan ng isang mananampalataya ay ang pagiging kawangis ni Kristo.

***Ito ay gawa ng Banal na Espiritu: ang maibalik tayo sa wangis ng Dios at makita sa atin ang bunga ng katangian ni Kristo.***

Dahil tayo ay tinawag ayon sa Kasulatan at tinuwid ng biyaya upang sumamba sa Diyos at ibigin siya ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas, at ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili, inaalay natin ang ating buong sarili sa Diyos, at naniniwalang tayo ay maaring maging "banal at ganap," bilang ikalawa nating karanasan sa pananampalataya. Naniniwala tayo na ang Banal na Espiritu ay nag-uusig, naglilinis, pumupuspos, at nagbibigay ng kapangyarihan habang ang biyaya ng Diyos ay binabago tayo araw-araw upang maging mapagmahal, may disiplina, matuwid, mahabagin at makatarungan. Ang Banal na Espiritu ang nagbabalik sa atin sa wangis ng Diyos at gumagawa upang makita si Kristo sa ating buhay.

Naniniwala tayo sa Diyos Ama, ang Manlilikha, na lumikha ng lahat ng bagay. Nilikha niya tayo para sa kanyang sarili at ginawang kawangis niya. Tayo ay itinalaga upang dalhin ang wangis ng Diyos: "Panatilihin ninyong malinis ang inyong sarili, sapagkat akong si Yahweh na inyong Diyos ay banal" (Levitico 11:44a).

## 3. Tayo ay may misyon

Tayo ay mga isinugo, tumutugon sa tawag ni Kristo, at binigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na humayo sa mundo, maging saksi sa pagiging Panginoon ni Kristo, makiisa sa Diyos sa pagtatayo ng iglesia at pagpapalawak ng Kanyang kaharian (Mateo 28:19-20, 2 Corinto 6:1). Ang ating misyon ay (a) nagsisimula sa pagsamba, (b) tumutulong sa pagbabagi ng Ebanghelyo at kahabagan ng Diyos sa mundo, (c) hinihikayat ang mga mananampalataya na lumago sa pamamagitan ng pagdidisipulo, at (d) hinahanda sa paglilingkod ang mga kababaihan at kalalakihan sa pamamagitan ng mataas na edukasyon.

### A . Ang Misyon ng Pagsamba

Ang misyon ng iglesia sa buong mundo ay nagsisimula sa pagsamba. Habang tayo ay nagkakatipon sa harap ng Diyos sa pagsamba – pag-aawitan, pakikinig at pagbabasa ng Biblia, pagbibigay ng ikapo at kaloob, pananalangin, pakikinig ng mensahe mula sa Salita, pagbabautismo at pakikibahagi sa Banal na Hapunan – lubos nating nauunawaan kung paano ang maging anak ng Diyos. Ang paniniwala natin na ang gawain ng Diyos sa mundo ay nagiging ganap dahil sa mga mananampalataya na sumasamba ay nagtuturo sa atin na parte ng misyon na ito ay ang pagtanggap ng mga bagong miyembro sa iglesia at pagbubuo ng mga bagong kongregasyon.

***Ang Pagsamba ang pinakamataas na paraan ng pagpapahayag ng pag-ibig natin sa Diyos.***

Ang Pagsamba ang pinakamataas na paraan ng pagpapahayag ng pag-ibig natin sa Diyos.
Ito ay pagsamba na nakatuon sa pagbibigay ng papuri sa Kanya na dahil sa kanyang biyaya at habag ay iniligtas Niya tayo. Ang pangunahing konteksto sa pagsamba ay ang lokal na iglesia na nagsasama-sama, hindi ang pagsamba na nakatuon sa sarili at sa sariling kaluguran; sa halip ay may pagsuko at pag-aalay ng sarili. Ang pagsamba ay ang iglesiang nagmamahal at sumusunod ng may paglilingkod sa Diyos.

### B . Ang Misyon ng Pagtulong at Ebanghelismo

Habang tayo ay nagpapabanal sa Diyos, ibinabahagi natin ang kanyang pag-ibig sa mga naliligaw at ang kanyang awa sa mga naghihirap. Ang Dakilang Utos (Mateo 22:36-40) at ang Dakilang Misyon (Mateo 28:19-20) ang nagtutulak sa atin na ibahagi ang Ebanghelyo, pagtulong at katarungan sa mundo. Dahil dito, matapat tayong nagbabahagi ng ating pananampalataya, nagmamalasakit sa mga nangangailangan, naninindigan sa katarungan at mga naaapi, pinangangalagaan ang kalikasan na nilikha ng Diyos, at nakikipag-isa sa lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon.

Sa pamamagitan ng pagmimisyon, naipakikita ng iglesia ang pag-ibig ng Diyos sa mundo. Ang kuwento sa Biblia ay kuwento kung paano inabot ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ni Kristo

Hesus (2 Corinto 5:16-21). Ang Iglesia ay sinugo sa mundo upang makiisa sa Diyos sa pagbabahagi ng pag-ibig at pagkakaisa sa pamamagitan ng ebanghelismo, pagtulong at katarungan.

### C. Ang Misyon ng Pagdidisipulo

Tayo ay itinalaga na maging mga disipulo ni Hesus at mag-anyaya sa iba na maging alagad din Niya. Dahil dito, tayo ay naglalaan ng paraan (Sunday School, Bible studies, small groups at iba pa) kung saan ang mga mananampalataya ay mahihikayat na lumago sa kanilang pananampalatayang Kristiyano at sa kanilang relasyon sa bawat isa at sa Diyos. Nauunawaan natin na bahagi ng pagdidisipulo ang pag-aalay ng ating sarili sa pagsunod sa Diyos at sa mga katuruan ng ating pananampalataya. Naniniwala tayo na ang pamumuhay ng may kabanalan ay nangangailangan ng pagtutulungan ng bawat isa, pagsasama-sama, at pagmamalasakitan. Sinabi ni John Wesley, "Ipinagkaloob tayo ng Diyos sa bawat isa upang palakasin ang isat-isa."

***Ang pagdidisipulo ay paran kung saan dinadala tayo ng Banal na Espiritu sa malalim na paglago kay Kristo.***


Ang Kristiyanong pagdidisipulo ay paraan ng pamumuhay. Dito natin natututunan kung paano tayo nais ng Diyos na mamuhay dito sa mundo. Habang natututunan nating sumunod sa Salita ng Diyos, magpasakop sa mga katuruan ng ating pananampalataya, at magmalasakit sa bawat isa, mas lalo nating nauunawaan ang kaligayahan sa buhay na may disiplina at ang kahulugan ng kalayaan sa Kristiyanong pananaw. Ang pagdidisipulo ay hindi sa sariling pagsisikap at pagsunod lamang sa utos at pamantayan. Ito ay paraan kung saan dinadala tayo ng Banal na Espiritu sa malalim na paglago kay Kristo. Sa pamamagitan ng pagdidisipulo, nahuhubog ang ating karakter bilang Kristiyano. Ang tanging layunin ng pagdidisipulo ay mabago tayo ayon sa wangis ni Hesu Kristo (2 Corinto 3:18).

### D. Ang Misyon ng Edukasyon

Pinahahalagahan natin ang edukasyon, kung saan hinahanda natin ang ating mga babae at lalaki sa paglilingkod. Sa ating mga seminaryo, Bible colleges, kolehiyo at unibersidad, pinagtutuunan natin ng pansin ang pagpapalawak ng kaalaman, pagpapalago ng karakter bilang Kristiyano, at ang pagsasanay ng mga lider upang matupad ang pagkatawag ng Diyos sa atin na maglingkod sa iglesia at sa mundo.

Ang edukasyon ay mahalagang bahagi ng misyon ng Church of the Nazarene. Sa mga unang taon ng Church of the Nazarene, naitatag ang mga institusyon at mga paaralan sa layuning maihanda ang mga babae at lalaking lingkod ng Diyos sa pamumuno at paglilingkod sa pagpapalaganap ng kabanalan ayon kay Wesley. Ang patuloy na pagpapahalaga natin sa edukasyon sa mga sumunod na taon ay nagbunga ng malawak na bilang ng mga seminaryo, Bible school, kolehiyo, at unibersidad.

HALIKA, TAYO AY UMAWIT
NG MAY GALAK
SA PANGINOON
TAYO AY MAGPURI SA TAPAT NA
TAGAPAGLIGTAS
ANG PANGINOONG
HESU KRISTO



# ANG ATING MISYON

## Ang misyon ng Church of the Nazarene ay gumawa ng mga disipulong tulad ni Kristo sa lahat ng mga bansa.

Tayo ay iglesiang may dakilang misyon (Mateo 28:19-20). Bilang isang komunidad ng mananampalataya, itinalaga tayo upang dalhin ang Mabuting Balita ng buhay ni Kristo sa mga tao sa lahat ng lugar at ipamalita ang mensahe ng kabanalan ayon sa Kasulatan (buhay na tulad ng kay Kristo) sa bawat lupain.

Pinagbubuklod ng Church of the Nazarene ang lahat ng mga tumanggap kay Hesu Kristo bilang Panginoon ng kanilang buhay, nakikibahagi sa mga kristiyanong pagtitipon, at nagnanais na mapalakas ang bawat isa sa kanilang paglago at pananampalataya sa pamamagitan ng pagsamba, pangangaral ng Salita, pagsasanay, at paglilingkod sa kapwa.

Sinisikap nating ipahayag ang pag-ibig ni Hesu Kristo sa lahat ng tao kasabay ng ating personal na pagtatalaga na mamuhay ng tulad ni Kristo.

Habang ang pangunahing layunin ng iglesia ay luwalhatiin ang Diyos, tayo din ay tinawag na makiisa sa Kanyang misyon - ang pagkasunduin ang sanlibutan sa Kanyang sarili.

Ang pagpapayahag ng misyon ay naglalaman ng mahahalagang kasaysayan ng ating misyon: ebanghelismo, pagpapabanal, pagdidisipulo, at paglilingkod. Ang kahalagahan ng kabanalan ay pagiging kawangis ni Kristo.

Ang mga Nazareno ay nagiging mga misyonero – sa mga tahanan, trabaho, komunidad, barangay, lungsod, bansa, at mula sa lahat ng rehiyon sa mundo.

Ang Diyos ay patuloy na tumatawag ng mga pangkaraniwang tao upang gawin ang mga imposibleng bagay na nagiging posible dahil sa Banal na Espiritu.



# ANG ATING KATANGIAN BILANG MGA NAZARENO

Sa 2013 General Assembly, ibinahagi ng mga General Superintendent ang pitong katangian ng Church of the Nazarene:

1. Makabuluhang Pagsamba
2. Balanse at Malinaw na Teolohiya
3. Masidhing Pagbabahagi ng Ebanghelyo
4. Intensyonal na Pagdidisipulo
5. Pagpapalago ng Iglesia
6. Pamumuno ng may Pagbabago
7. Pagtulong ng may Layunin

Ang mga katangiang ito ay hindi pamalit sa ating misyon na, “gumawa ng mga alagad na tulad ni Kristo sa mga bansa” o ng ating mahalagang paniniwala na “Kristiyano, banal at misyonal,” sa halip ito ay nagpapakita kung ano ang katangian na dapat taglayin ng bawat Church of the Nazarene, sa buong mundo.  Hinihikayat natin ang lahat ng mga lider ng iglesia na ituro ang mga katangiang ito upang maisabuhay ng bawat Nazareno sa kanilang paglago. Tingnan natin kung paano ito maisasakatuparan sa lahat ng ating iglesia sa buong mundo.

## *1. Makabuluhang Pagsamba*

**Panawagan sa Pagsamba**

Halikayo, magsiawit tayo nang may kagalakan!
Sumigaw tayo sa pagpupuri sa Panginoon na ating Bato na kanlungan at tagapagligtas.
Lumapit tayo sa kanya nang may pasasalamat,
at masaya nating isigaw ang mga awit ng papuri sa kanya.
Dahil ang Panginoon ay dakilang Diyos. Makapangyarihang hari sa lahat ng mga diyos.
Siya ang may-ari ng kailaliman ng lupa at tuktok ng mga bundok.
Sa kanya rin ang dagat pati ang lupain na kanyang ginawa.
Halikayo, lumuhod tayo at sumamba Sa Panginoon na lumikha sa atin.
Dahil siya ang ating Diyos at tayo ang kanyang mga mamamayan na gaya ng mga tupa
sa kanyang kawan na kanyang binabantayan at inaalagaan.
—Mga Awit 95: 1-7a

Masasabi natin nang may katiyakan na ang pagsamba sa Diyos ay pagkilala na Siya ang ating Batong kanlungan, ang dakilang Diyos, dakilang Hari ng mga hari, ang lumikha ng lahat ng bagay, at ang Pastol na nagmamalasakit sa kanyang mga mamamayan.

A. Ang mga alagad ni Hesus ay namuhay na kasama Niya, at naglingkod sa ibang tao bilang resulta ng kanilang relasyon sa Kanya.

- Isinugo ni Hesus ang Kanyang mga alagad sa sanlibutan upang magministeryo (Mateo 10).
- Sinabi Niya sa kanila na kailangan nilang mapuspos ng Banal na Espiritu. Naghintay sila sa isang lugar at ang Banal na Espiritu ay dumating tulad ng ipinangako ni Hesus (Mga Gawa 2).
- Naging kinatawan ng Diyos ang mga disipulo, nang magsimula silang magministeryo sa mundo.
- Sinabi ni Pablo, " Kaya nga, kami'y mga sugo ni Kristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Kristo: makipagkasundo kayo sa Diyos. Hindi nagkasala si Kristo, ngunit alang-alang sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pakikipag-isa natin sa kanya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos" (2 Corinto 2:20-21).

B. Hinamon ni Hesus ang Kanyang mga tagasunod sa pamamagitan ng Dakilang Utos.

- "Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon" (Mateo 28:19-20).
- Nagsimulang tuparin ng unang iglesia ang utos na ito ng paghayo sa mundo pagkatapos silang katagpuin ng Espiritu habang sila ay sumasamba sa Antioch (Mga Gawa 13:1-4).

***Nagsimulang tuparin ng unang iglesia ang utos ng paghayo sa mundo pagkatapos silang puspusin ng Espiritu habang sila ay sumasamba sa Antioch.***

***–Mga Gawa 13:1-4***

C. Nagkakaroon ng makabuluhang pagsamba habang ginagawa natin ang mga katuruan ng Espiritu tulad ng pag-aayuno at pananalangin.

- Isinugo sila ng Banal na Espiritu upang ibahagi sa iba ang kanilang pananampalataya.
- Nangyari ito sa konteksto ng pagsamba.
- Ang pagsamba ay nagpapasigla sa atin at pinadadaloy nito ang kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay.
- Inaayon ng pagsamba ang buhay natin sa buhay ni Kristo. Ito ay mahalagang disiplina para sa lahat ng mananampalataya, na ginamit ng Diyos para hubugin tayo na maging banal na kawangis ni Hesus.
- Gawin nating bahagi ng ating buhay ang personal at sama-samang pagsamba.


CI. Sa sama-samang pagtitipon, ang makabuluhang pagsamba ay paglalaan ng panahon para sa Diyos na kumilos sa atin sa Kanyang sariling pamamaraan.

- Ang unang iglesia ay hindi namahala ng iglesia sa pamamagitan ng mga komite at mga seminar.
- Sa halip, madalas silang nagtitipon para sa sama-samang pagsamba at hinayaan ang Diyos na malayang kumilos sa kanila.
- Maging handa tayo na itigil ang sarili nating programa at pahintulutan ang Diyos na gawin ang Kanyang plano sa atin.
- Ang makabuluhang pagsamba ay nagbibigay ng lugar sa Diyos na malayang kumilos habang tayo ay naghihintay sa Kanya nang may pagaasam.
- Bigyan nating ng panahon ang Diyos na ihayag ang Kanyang sarili, at mangusap, kumilos, umabot, magligtas at magpabanal ng mga tao sa sarili Niyang paraan at sa Kanyang panahon.
- Dumalo tayo sa bawat pananambahan ng may pananabik at pagasa na tayo ay kakatagpuin ng Diyos at Siya ay kikilos sa ating kalagitnaan.
- Asahan natin na kikilos ang Diyos sa kanyang pamamaraan at gagawa siya ng bagay na siya lamang ang makagagawa sa tuwing tayo ay nagsasama-sama sa pagsamba. Huwag tayong makuntento sa pangkaraniwan at paulit-ulit na pagtitipon.
- Kailangan ang regular na pagsama-sama ng mga anak ng Diyos upang sila ay mapuspos ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu ng Diyos.
- Walang anumang maaring pumalit sa espiritu ng taong pinalalakas ng Banal na Espiritu ng Diyos.
- Ito ay nangyayari sa panahon ng makabuluhan at sama-samang pagsamba.

## *2. Balanse at Malinaw na Teolohiya*

A. Ang boses natin bilang Nazareno ay kailangang marinig sa gitna ng mas malawak na iglesiang Kristiyano.
   - Ipinapahayag nito kung sino tayo ayon sa ating paniniwala
   - Ito ang ating paninindigan, ang nag-uudyok sa atin na kumilos at ipamuhay ang ating mga paniniwala araw-araw.

B. Ito ang mga pinagmumulan ng ating balanse at malinaw na teolohiya.
   - Biblia: Naniniwala tayo na ang Banal na Kasulatan ay pundasyon at mahalaga sa pagbuo natin ng ating pagkakakilalan kay Kristo.
   - Tradisyong Kristiano: Ipinagdiriwang natin ang mga katuruan hango sa 2,000 taon ng kasaysayan sa pamamagitan ng ibat-ibang tradisyong Kristiyano.
   - Katwiran: Naniniwala tayo na ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa ating pag-iisip at binibigyan tayo ng tamang kaisipan.
   - Personal na Karanasan: Naniniwala tayo na ang Diyos ay kumikilos sa atin at sa buhay ng mga tao at komunidad na sumusunod kay Kristo.




Mga Pinagmumulan ng Balanse at Malinaw na Teolohiya

C. Ang mga paniniwalang ito ang nagbibigay sa atin ng balanse at malinaw na teolohiya.
   - Tayo ay Kristiyano.
     Naniniwala tayo kay Hesu Kristo bilang anak ng Diyos.
     Naniniwala tayo na si Kristo ay ikalawa sa tatlong persona.
     Pinanghahawakan natin ang paniniwala at mga tradisyon ng iglesiang Kristiyano.
   - Tayo ay Protestante.
     Naniniwala tayo sa pagpapawalang-sala sa biyaya sa pamamagitan lamang ng pananampalataya para ating kaligtasan.
     Binibigyan natin ng mataas na pagpapahalaga ang Banal na Kasulatan.
     Naniniwala tayo na lahat ng mananampalataya ay tinawag sa ministeryo.
     Pinagtitibay natin na ang pagpapahayag ng Salita ang sentro ng ating pagsamba, at sa gitna ng entablado ng iglesia inilalagay ang pulpito.
     Naniniwala tayo na ang mga kaloob ng Espiritu ay ipinamahagi sa mga mananampalataya sa katawan ni Kristo.

- Tayo ay Ebanghelikal.
  Naniniwala tayo na ang mga kaloob ng Espiritu ay ipinamahagi sa mga mananampalataya sa katawan ni Kristo.
  Naniniwala tayo sa patotoo ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagbabago ng pamumuhay.
- Tayo ay Wesleyan.
  Naniniwala tayo sa likas na katangian ng Diyos na basehan ng lahat ng ating paniniwala - "Ang Dios ay Pag-ibig" (1 Juan 4:8).
  Naniniwala tayo na ang tao ay may malayang pagpili upang ito ay magkaroon ng makabuluhang relasyon sa Diyos.
  Naniniwala tayo na ipinadadama ng Diyos ang Kanyang habag at biyaya sa lahat ng tao.
  Naniniwala tayo na inaabot ng biyaya ng Diyos ang lahat ng tao, upang sila ay hindi malugmok sa matinding kasalanan at ibalik sila sa piling ng Diyos.
  Naniniwala tayo na ang Diyos ay umaabot, tumutubos, nagliligtas, nagpapabanal at may sapat na biyaya sa isang tao upang gawin siyang anak ng Diyos at bigyan siya ng patuloy na tagumpay sa paglakad bilang Kristiyano.
  Naniniwala tayo sa pag-asang dulot ng biyaya ng Diyos na wasakin ang kapangyarihan ng kasalanan sa buhay ng isang tao at baguhin ito mula sa pagiging makasalanan tungo sa pagiging anak ng Diyos, na kusang-loob na sumusunod sa Panginoon ng buong pagmamahal.
- Naniniwala tayo na posible ang kabanalan sa buhay na ito.
- Naniniwala tayo sa patotoo ng Banal na Espiritu.
  Naniniwala tayo sa kasiguruhang ipinagkakaloob ng Diyos sa tao na pinatawad na ang kanyang mga kasalanan at patuloy itong nagpapaalala na ang dugo ni Hesus ay patuloy na naglilinis ng mga kasalanan ng nakaraan at magbibigay ng tagumpay sa araw-araw.
  Naniniwala tayo sa paggabay ng Espiritu upang ang isang tao ay pangunahan ng Diyos sa lahat ng desisyon na ginagawa niya sa kanyang buhay sa araw-araw. Ang Espiritu ng Diyos ang gagabay sa Kanyang mga anak upang itama at ayusin ang direksyon sa paglalakbay nila sa kanilang buhay.

D. Naniniwala tayo na mayroong apat na mahahalagang aspeto sa banal na pamumuhay:
   - Pagiging Tulad ni Kristo – ang pagbabago ng ating buhay araw-araw ayon sa wangis ni Hesus sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu at sa malayang pagkilos ng Diyos sa ating buhay "Yamang mayroon kayong kalakasan ng loob kay Kristo, mayroon kayong kaaliwan sa kaniyang pag-ibig, mayroon kayong pakikipag-isa sa kaniyang Espiritu, mayroon kayong pagmamalasakit at kaawaan" (Filipos 2:1-2).
   - Uri ng Pamumuhay – pagtatalaga ng sarili para sa banal na layunin na gawin ang ministeryo ng Diyos sa ating mundo. "Hindi ko idinadalanging kunin mo sila sa sanlibutan, kundi iligtas mo sila sa masama! Hindi sila taga-sanlibutan, tulad ko na hindi rin taga-sanlibutan. Ibukod mo sila para sa iyo sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ang katotohanan" (Juan 17:15-17).
   - Ang Tukso at ang Kapangyarihang Mamili - pagkakaroon ng kakayahan na pagtagumpayan ang mga bisyo o tawag ng laman o ng masama, at mamuhay ng may kabanalan mula sa kapangyarihan na nagmumula sa Diyos. " Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga puso upang malaman ninyo ang pag-asa na para doon ay tinawag niya kayo, kung gaano kasagana ang pagpapalang inilaan niya para sa kanyang mga banal, at kung ano ang di-masukat niyang kapangyarihan na kumikilos sa atin na mga nananalig sa kanya. Ang dakilang kapangyarihan ding iyon ang muling bumuhay kay Kristo at nag-upo sa kanya sa kanan ng Diyos sa kalangitan

(Efeso 1:18-20).
- Bunga ng Espiritu – ang wagas na pag-ibig ng Diyos na ipinapahayag sa pamamagitan ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabutihan, kahinahunan, katapatan at pagpipigil sa sarili. “Walang kasamang takot ang pag-ibig at pinapawi ng ganap na pag-ibig ang anumang takot. Hindi pa ganap ang pag-ibig ng sinumang natatakot, sapagkat ang takot ay kaugnay ng parusa (1 Juan 4:18).

E. Naniniwala kami sa tinatawag na “via media” – ang tagapamagitan. Sinusubukan nating iwasan ang magkabilang panig ng ibat-ibang mga isyu. Hindi masyadong pinagtutuunan ang pagkakalayo ng mga panig, kundi ang pagkakaroon ng posibleng balanse upang mamagitan dito.

## *3. Marubdob na Ebanghelismo*

Ang *Marubdob na Ebanghelismo* ang tugon natin sa pag-ibig at biyaya ni Hesus sa sangkatauhan. Ang Church of the Nazarene ay nagsimula sa marubdob na ebanghelismo. Ito ang puso ng ating pagkakakilanlan. Sa panawagan niya sa ebanghelismo, sinabi ni Phineas Bresee, ang unang general superintendent ng Church of the Nazarene, na “Utang natin na ibahagi ang ebanghelyo sa bawat tao, sa parehong sukatan kung paano natin ito natanggap.” Nakatuon tayo sa pagtulong sa mga tao na matuklasan ang kaligtasan na nagmumula sa pagkakaroon ng personal na pananampalataya kay Hesu Kristo.

A. Naging huwaran si Hesus ng *marubdob na ebanghelismo:*
- “Nang makita niya ang napakaraming tao, nahahabag siya sa kanila sapagkat sila’y litung-lito at hindi alam ang gagawin, parang mga tupang walang pastol. Kaya’t sinabi niya sa kanyang mga alagad, “Napakaraming aanihin, ngunit kakaunti ang mag-aani. Idalangin ninyo sa may-ari ng aanihin na magpadala ng mga mag-aani” (Mateo 9:36-38).
- Sinabi ni Hesus, “Hindi ba sinasabi ninyo, ‘Apat na buwan pa at anihan na?’ Sinasabi ko naman sa inyo, masdan ninyo ang mga bukid, hinog na ang trigo at handa nang anihin” (Juan 4:35).

B. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay iniutos ni Hesus:
- At sinabi ni Hesus sa kanila, “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Magandang Balita sa lahat ng tao” (Marcos 16:15).
- Sinabi Niya sa kanila, “Ganito ang nasusulat: kinakailangang magdusa at mamatay ang Kristo; at pagkatapos, siya’y muling mabubuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa, magmula sa Jerusalem. (Lucas 24:46-47).

C. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay ipinahayag ni Hesus:
- Ipapangaral sa buong sanlibutan ang Magandang Balitang ito tungkol sa kaharian ng Diyos upang magsilbing patotoo sa lahat ng mga bansa. At saka darating ang wakas” (Mateo 24:14).
- Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, buhay na masaganang lubos. (Juan 10:10).

D. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay binigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu:
- Binibigyan tayo ng kapangyarihan bilang indibiwal o magkakasama upang mamuhay at magpatotoo sa kabanalan.
- “Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig” (Mga Gawa 1:8).

DI. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay bunga ng Banal na Espiritu:
- Ang Kanyang buhay ang nakikita at lumalago sa ating buhay.
- “Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban sa mga ganito. Ang sinumang na kay Kristo Hesus ay ipinako ang kanilang makasalanang pagkatao at pagnanasa. Dahil tayo ay namumuhay sa Espiritu, tayo ay patuloy na lumakad ayon sa Espirito (Galacia 5:22-23).

DII. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay nagdudulot ng bagong buhay at bagong lakas sa mga tao at sa iglesia.
- "Kaya’t kung nakipag-isa na kay Kristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito’y napalitan na ng bago" (2 Corinto 5:17).
- "At patuloy na nagdaragdag ang Diyos sa kanilang bilang araw-araw, ang lahat ng mga naliligtas." (Mga Gawa 2:47)

DIII. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay ang pagpapahayag natin ng ating pagsunod kay Hesus.
- Isa sa mga hindi mapagkakailang katibayan ng nakapagbabagong kapangyarihan ng Mabuting Balita ay ang buhay ni Pablo.
- Sa isa niyang patotoo, sinabi ni Pablo, “May pananagutan ako sa lahat ng mga tao: sa mga sibilisado man o hindi, sa marurunong at sa mga mangmang. Kaya nga, nais ko ring ipangaral diyan sa Roma ang Magandang Balita.Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya, una’y sa mga Hudio at gayundin sa mga Griyego (Romans 1:14–16).

DIV. Ang pag-ibig natin kay Kristo ang daan natin patungo sa Dakilang Utos (Mateo 28:19-20) – ang ating pagsasanay at pag-aaral ay susunod.
- Dahil dito, kailangang makilala ng bawat isa si Hesu Kristo.
- Kaugnay nito, ang lahat, kahit ang may kakulangan sa kaalaman ay dapat na tumugon ng may pag-ibig at ibahagi si Kristo ng buong tapang.

DV. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay nag-aanyaya sa ating umasa sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos, na syang nagtutulak sa atin upang ibahagi ang Mabuting Balita ng kaligtasan sa iba:
- Pinag-aaralan natin ang Biblia nang may pananampalataya; at ipapahayag natin sa iba kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos.
- Ang kapangyarihan ng mensahe ng Mabuting Balita ay nangungusap sa puso ng bawat lalaki at babae, bata man o matanda, na nangangailangan ng maayos na relasyon sa Diyos.
- Ipinapakita ni Hesus ang halimbawa sa atin: “Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw” (Lucas 19:10). “Isang araw, si Hesus ay nagtuturo sa loob ng Templo at nangangaral ng Magandang Balita” (Lucas 20:1a).

J. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay nagtutulak sa atin na kilalanin pa nang lubusan si Kristo:
- Ipinakikita nito kung sino tayo, at kung ano ang ating pamumuhay. Ang pagnanais natin na mabuhay ay katumbas ng pagnanais natin sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Sa pagpili nating mabuhay, pinipili rin natin ang ebanghelismo.
- Pinagtitibay nito kung ano ang ating nalalaman. Gaya ng patotoo ng isang bulag na pinagaling ni Hesus,“ Isang bagay po ang alam ko; ako'y dating bulag, subalit ngayo'y nakakakita na!” (Juan 9:25).
- Sinusubok nito ang lalim ng ating utang na loob dahil sa pribilehiyong ito. “Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad (Mateo 10:8b).

K. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay nag-uudyok sa atin upang magdisipulo:
- Sa paglalakbay natin sa buhay, sinisikap nating mahikayat ang mga tao, kakilala man natin o hindi habang tayo ay nagbabahagi ng ating pananampalataya.
- Bawat tagasunod ni Kristo ay dapat maging seryoso tungkol sa kanyang relasyon sa Diyos, na ang pagbabahagi ng kanyang patotoo ay natural na bahagi ng kanyang pakikipagusap sa iba.

L. Ang *marubdob na ebanghelismo* ay nagtutulak sa atin upang maging malikhain.
- Tulong sa Pagbabahagi – ilan sa mga halimbawa ay ang Jesus Film, Evangeball, at Evangecube.
- Pamamaraan ng Pagbabahagi – maraming pamamaraan ngunit iisang mensahe
- Estratehiya sa Pagbabahagi - malawakang ebanghelismo, pakikipagkaibigan, o personal na ebanghelismo, small group, urban ministry at marami pang iba.

***“Utang natin na ibahagi ang ebanghelyo sa bawat tao, sa parehong sukatan kung paano natin ito natanggap.”***

***–Phineas Bresee***

### *4. Intensiyonal na Pagdidisipulo*

A. Tinawag ni Hesus ang iglesia upang *intensyonal* na gumawa ng disipulo.
- "Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon" (Mateo 28:19-20).
- Ang iglesia ay mayroong *intensyonal* na pamamaraan sa paggawa ng mga disipulong katulad ni Kristo.
- Ang mga disipulong katulad ni Kristo ay mga taong nananahan kay Kristo, lumalago sa pagiging katulad Niya at sinusunod ang Kanyang mga gawa. Kinakalimutan nila ang kanilang minamahal at sinusunod ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, pag-iisip at kalakasan (Marcos

12:30, Juan 15, Lucas 9).

- Ang *intensiyonal* at relasyonal na pagdidisipulo ay tumutulong sa mga tao na magkaroon ng masunurin at malalim na relasyon kay Hesus. Sa mga ganitong mga relasyon, binabago ng Banal na Espiritu ang kanilang pagkatao patungo sa wangis ni Kristo – inaayon ang mga pinahahalagahan ng mga bagong mananampalataya ayon sa pinahahalagahan sa kaharian ng Diyos, at ibinibilang sila sa Kanyang misyon ng paglalaan ng buhay sa ibang tao, sa kanilang tahanan, iglesia at sa buong mundo.

B. Sinisimulan natin ito sa pag-aakay sa mga tao sa pagkakaroon ng personal na relasyon kay Hesu Kristo.

- Ang paglalakbay sa pananampalataya ay nagsisimula sa pagpapahayag ng kasalanan at kapatawaran dulot ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo.
- Ang mga bagong nilalang kay Kristo ay binigyan ng bagong buhay at tinanggap sa pamilya ng Diyos.
- Ang pagbabagong buhay ay nagbubunga ng bagong puso at bagong pamumuhay, at nagpapatotoo ng biyaya ng Diyos sa mga hindi pa nakakaalam nito.
- Ang mga bagong mananampalataya ay isinasama natin sa kapatiran ng mga mananampalataya upang turuan sila na sila ay naligtas hindi para lamang sa kanilang sarili kundi upang sila ay makapagbahagi at magdala ng tao kay Kristo. Sila ay magiging tagagawa ng mga disipulo na gagawa rin ng ibang disipulo.
- Ang pagdidisipulo ay pagtulong sa isang tao na sumunod ng mas malapit kay Hesus.

***Ang intensiyonal at relasyonal na pagdidisipulo ay tumutulong sa mga tao na magkaroon ng masunurin at malalim na relasyon kay Hesus. Sa mga ganitong mga relasyon, binabago ng Banal na Espiritu ang kanilang pagkatao patungo sa wangis ni Kristo – inaayon ang mga pinahahalagahan ng mga bagong mananampalataya ayon sa pinahahalagahan sa kaharian ng Diyos, at ibinibilang sila sa Kanyang misyon ng paglalaan ng buhay sa ibang tao sa kanilang tahanan, iglesia at sa buong mundo.***

C. Sa pamamagitan ng malakas na ministeryo sa likod ng pulpito, intensiyonal nating pinalalago ang mga disipulo upang maging katulad ni Kristo.

- Ang mensahe ng ating mga pastor ay nagbibigay ng mga praktikal na kaalaman kung paano lumago sa ating pananampalataya kay Kristo.
- Ang mensahe ng ating mga pastor ay hango sa Biblia at nagpapalago sa kanilang mga miyembro tungo sa malalim na paghahangad sa Salita ng Diyos.
- Ang Salita ng Diyos ay ginagamit ng ating mga pastor bilang basehan ng lahat ng gawain sa pagdidisipulo.

- Tinuturuan ng ating mga pastor ang kanilang mga miyembro kung paano mag-aral ng Biblia at pagbulay-bulayan ang kahulugan ng Salita ng Diyos at kung paano ito susundin sa kanilang buhay.
- Sinisikap ng ating mga pastor na magkaroon ng balanseng pagkaing espiritwal sa kanilang pangangaral sa buong taon.
- Umaasa sa Banal na Espirito ang ating mga Pastor na ang lahat ng kanilang ginagawa ay magkakalakip-lakip at magbubunga ng mga disipulong katulad ni Kristo.
- Gumamit si Hesus ng mga parabola (kuwento) tuwing siya ay nangangaral upang tulungan ang mga tao na maunawaan ang kanyang mga turo (Marcos 4:34).

D. Nagkakaroon tayong mga Lingguhang Pag-aaral (Sunday School Classes) para tumulong sa pagtuturo at paglago ng mga disipulo na tulad ni Kristo.

- Nagtuturo ang ating mga guro sa Sunday School ng mga aralin na naglalayong magdisipulo sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng Kasulatan at pagsasabuhay ng mga Salitang ito.
- Ang ating mga guro sa Sunday School ay naglalaan ng panahon sa mga bagong mananampalataya upang sagutin ang kanilang mga tanong tungkol sa pananampalatayang Kristiyano at hikayatin silang lumago sa biyaya ng Diyos.
- Ang programa natin sa Sunday School ay nagsisimula sa mga maliit na bata hanggang sa mga matatanda (senior citizens); nagtuturo ito ng mga aralin sa kabuuan ng Biblia. "Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran, at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan (Kawikaan 22:6).

DI. Nagbubuo tayo ng mga aralin sa Biblia na tugma sa maliliit na grupo (small groups) upang mahikayat ang pagmamalasakit at pananagutan sa bawat isa.

- Ang pag-aaral ng Biblia bilang small group ay nagbibigay ng lugar ng pagmamalasakitan at pananagutan sa mga miyembro ng grupo maging ito ay mga bagong mananampalataya o matatagal na sa pananampalataya.
- Sa mga grupong ito nagsisimulang magkaroon ng malalim na pagsasamahan, at ang pakikipagkaibigan ay nagiging normal na bahagi ng buhay.
- Ang mga grupong ito ay nagbibigay hindi lamang ng pag-aaral ng Biblia, kundi pakikipag-ugnayan at interaksyon na mahalaga sa paglago sa biyaya ng Dios.
- Ang mga kasapi sa mga grupong ito ay nagiging suporta ng bawat isa sa kanilang buhay hindi lang tuwing Linggo.

DII. Pinalalakas natin ang paglagong espiritwal ng mga disipulong tulad ni Kristo sa pamamagitan ng maayos at organisadong programa ng iglesia:

- Programa sa Bible Quizzing (Pagsusulit sa Biblia)
- Caravan Children's Ministry (gawain para sa mga bata)
- Vacation Bible Schools
- Programa tuwing Pasko at Mahal na Araw.
- Ministeryo ng Pagtulong sa Nangangailangan
- Ministeryo ng Pagdidisipulo sa iba
- Ang mga ministeryo para sa kalalakihan, kababaihan, matatanda, kabataan, at iba pang grupo ay tumutulong upang matulungan na ilapit ang mga tao sa Diyos at sa iglesia.

G. Hinihikayat natin ang lahat ng mananampalataya na gamitin ang lahat ng posibleng upang lumago ang kanilang pananampalataya.

- Gamitin ang mga aralin na makatutulong sa pagbabasa ng Biblia; o makinig ng Biblia (audio Bible)
- Manalangin araw-araw.
- Makinig mga Kristiyanong awitin.
- Magbasa ng mga Kristiyanong babasahin.
- Humanap ng isang kaibigan (accountability partner) na mananalangin para sa iyo araw-araw upang maging katulad ka ni Kristo.
- Humanap ng accountability partner na magmamahal sa iyo ng totoo, at handang magbigay ng mahihirap na tanong na makatutulong sa iyong buhay.
- Ugaliin at sanayin ang sarili na magpatotoo sa kabutihan na ginagawa ng Diyos sa buhay mo.

H. Hinihikayat natin na matutunan ng lahat ng mananampalataya na hanapin ang presensiya ng Diyos araw-araw.

- Ang buhay Kristiyano ay isang malapit at personal na relasyon sa ating Panginoon at tagapagligtas na Hesu Kristo.
- Ang mga disipulo na lumalago sa wangis ni Kristo ay intensiyonal na naglalaan ng panahon sa Kanya.
- Palagi nating pinakikinggan ang tinig ni Kristo, kumakain tayo tayo araw-araw ng Kanyang Salita, at araw-araw tayong nalulugod sa Kanyang presensiya.
- Ang mga disipulong tulad ni Kristo ay intensiyonal na naghahanap sa Kanya at palaging handa na ibahagi Siya sa mga taong nakakasalumuha niya.

## *Ang Panalangin, ang Salita ng Diyos, at Kusang-loob na pagtulong sa iba upang maging katulad sila ni Hesus ang nagpapakita ng intensiyonal na pagdidisipulo ng iglesia.*

I. Hinihikayat namin ang bawat disipulo na gumawa rin ng mga disipulo.

- Binigyan tayo ng utos at kapangyarihan upang gumawa ng mga disipulo (Mateo 28:19-20).
- Ipinapanalangin nating maanyayahan ang isang malalim na Kristiyano upang turuan, gabayan at samahan tayo sa ating paglago.
- Ipinapanalangin nating maanyayahan ang grupo ng mananampalataya na maging bahagi ng grupo na nagdidisipulo.
- Inilalaan natin ang ating buhay sa mga disipulong ito habang sama-sama nating hinahanap ang Panginoon.
- Ang pagtuturo ng Biblia sa pamamagitan ng pagkukuwento ay nakapagbibigay ng matibay na pundasyon upang matutunan ng mga disipulo ang Biblia at maipasa ang mensahe nito sa mga tao na nakakasalumuha nila.
- Ang Panalangin, ang Salita ng Diyos, at kusang-loob na pagtulong sa iba upang maging katulad sila ni Hesus ang nagpapakita ng intensiyonal na pagdidisipulo ng iglesia.

### 5. *Ang Pagpapalago ng Iglesia*

A. Nagsimula ang iglesiang Kristiyano kay Hesu Kristo na nagtatag ng unang komunidad ng mananampalataya.

- Ang mga mananampataya ay regular na nagtitipon upang sumamba sa Dios.
- Nagsimula itong lumago at dumami nang magsimula ang unang pagmimisyon nina Pablo at Barnabas (Mga Gawa 13-14).

B. Sinimulan ni Pablo ang kanyang ikalawang pagmimisyon upang magtatag ng mga iglesia, ngunit may ibang direksyon ang Banal na Espirito sa kanya (Mga Gawa 16).

- Manatili tayong bukas sa bagong direksiyon ng Diyos para sa Kanyang gawain at hayaan natin ang paggabay ng Kanyang Banal na Espirito.
- Nagkaroon ng pangitain si Pablo ng isang tao. Hindi ito pangitain ng isang plano, estratehiya, kasabihan o programa. Ang pangitain ni Pablo ay nakatuon sa mga naliligaw na kaluluwa. Ang hangarin natin na magtayo ng mga bagong iglesia ay malinaw na nakatuon sa mga taong naliligaw at nangangailangan ng relasyon kay Hesu Kristo.
- Nagkaroon ng pangitain si Pablo ng isang tao na taga Macedonia. Ito ay mula sa isang lugar, kultura, wika at kasaysayan. Bibigyan din tayo ng Diyos ng pangitain na isang partikular na grupo ng tao, o komunidad. Dapat nating tuklasin at sundin ang direksyon ng Diyos sa atin.
- Nagkaroon ng pangitain si Pablo ng isang tao na taga Macedonia na nakatayo. Ang taong ito ay hindi mas mababa kay Pablo. Tinitingnan natin ang bawat isa na pantay-pantay. Ang taong pupuntahan natin upang dalhan ng Mabuting Balita ay karapat-dapat din ng ating paggalang.
- Nagkaroon ng pangitain si Pablo ng isang tao na taga Macedonia na nakatayo at tumatawag " Halikayo at tulungan niyo kami!" Ito ang pangitaing nagpapakilos sa atin. Dapat tayong pumunta sa ating mga lungsod, kapitbahay, kalahi, katribo at kapamilya.

## *Kailangan nating dalhin si Kristo sa ating mundo.*

C. Ang pangitain ng Diyos ay naglalaman ng patuloy na pamumuno nang may kabanalan habang ipinahahayag Niya kay Pablo ang Kanyang plano sa pagpapalago ng iglesia.

- Ang taong mula sa Macedonia ay walang iba kundi si Lydia. Si Lydia na taga-Filipos ang masigasig na tumanggap ng ministeryong ito.
- Natagpuan ni Pablo ang mga masigasig niyang tagapakinig sa grupo ng mga kababaihan na nananalangin sa tabing-ilog.
- Sa halip na gamitin ang mga sinagoga ng mga Hudyo tulad sa mga naunang pagsisimula ng iglesia, nagsimula ng gawain si Pablo dito sa isang tahanan.
- Si Lydia, na isang mangangalakal ng mamahaling tela, ang nanguna sa iglesia sa tahanang ito.
- Ang paraan ng pagpapalago ng iglesia ay maaring hindi ayon sa mga naunang epektibong paraan.

D. Ang pagtatayo ng iglesia ay nangangailangan ng matinding sakripisyo.
    - Ang pagmiministeryo ni Pablo at Silas ay nagdala sa kanila sa kulungan. Kusang-loob silang nagsakripisyo para dito. Umawit sila ng papuri sa Diyos habang sila ay naghihirap para sa Diyos (Mga Gawa 16:25).
    - Ngayon, ang mga pinuno ng iglesia at tagasunod ni Hesus ay dumaranas ng paghihirap sa pagtatatag ng mga iglesia. Nagbubuhos sila ng maraming oras ng panalangin, luha, pawis, pagod at pera at minsan ay buhay sa paguumpisa ng mga bagong iglesia.
    - Sa kabila ng kahirapan na naranasan nila Pablo at Silas, isang iglesia ang sumibol dahil sa pangyayaring ito, at isang bilannggo na taga Filipos ang kanilang unang Pastor.

DI. Kailangan nating mamuhay sa presensiya ng Diyos upang maramdaman natin ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa gitna ng pinagdadaanan natin sa buhay.
    - Hindi itinuring nina Pablo at Silas na personal na kawalan ang pananakit sa kanila at pagtira sa kulungan. Sa halip, naramdaman nila ang Espiritu ng Diyos na nagbibigay sa kanila ng tagumpay sa kabila ng hindi magagandang pangyayari sa kanila.
    - Alam nina Pablo at Silas na ginagabayan sila ng Espiritu ng Diyos; alam nila na ang Diyos ang nagkakalinga sa kanila.
    - Ang lindol na tumama sa kulungan ng mga taga-Filipos ay nagpapaalala sa atin na ang Diyos ay patuloy na kumikilos sa mga ganitong sitwasyon (Mga Gawa 16:25-26). Hindi Niya tayo nakakalimutan kapag nahihirapan tayo sa ating ministeryo.
    - Kapag sumunod tayo sa Diyos at ginawa ang Kanyang kalooban, sa panahon na itinakda ng Diyos, Siya ay kikilos taglay ang Kanyang kahanga-hangang kapangyarihan. Kahit na pinipigilan ng kaaway ang pagsulong ng kaharian ng Diyos, ang Diyos pa rin ang magwawagi sa huli.
    - Hindi tayo ang nagtatayo at nagsusulong ng kaharian ng Diyos; ang Diyos ang nagtatayo ng Kanyang kaharian.

***Sa Church of the Nazarene, ang kahulugan ng iglesia ay: anumang grupo na regular na nagtitipon para sa paglagong espirituwal, pagsamba o pagtuturo sa hayag na panahon at lugar, may itinalagang pinuno, at naka-ayon sa mensahe at misyon ng Church of the Nazarene ay maaaring kilalanin bilang isang iglesia at kasama sa talaan ng distrito at pangkalahatang lupon ng iglesia (Lupon ng General Superintendent). Sa madaling salita, ang iglesia ay isang lupon ng mga mananampalataya, hindi isang gusali o ari-arian.***

F. F. Ang mga paraan ng pagpapalago ng iglesia ay nagbago sa paglipas ng kasaysayan ng iglesia.
- Sa kasaysayan ng pagtatatag ng iglesia, wala kahit isang gusali ang ipinatayo sa unang 200 taon nito.
- Ang konsepto ng pagkakaroon ng simbahan (gusali), ari-arian, at mga pastor ng iglesia ay umusbong sa mga sumunod na taon.
- Ngayon, ang Banal na Espiritu ay nangunguna sa mga iglesia na magparami sa pamamagitan ng mga bagong pamamaraan.
- Ang bawat isang iglesia ay hinihikayat na manganak ng isa pang iglesia.
- Ang mga iglesiang ito ay nagtitipon sa mga tahanan at iba't-ibang mga lugar.
- Ang bawat pastor ay nagtuturo ng isang kapwa pastor na kasalukuyang nagsasanay sa pagmiministeryo.
- Ang modelong ito ng panganganak ng iglesia ay ay hindi nangangailangan ng pondo; ang mga manggagawa sa iglesia ay maaaring tumugon sa tawag ng Diyos na tumulong sa pagsisimula ng bagong iglesia.
- Sa pamamagitan ng modelong ito ay napalalago ng Diyos ang Kanyang iglesia sa mga bagong lugar sa buong mundo; ang kailangan lamang niya ay mga pusong bukas na tanggapin ang layuning ito, tumugon sa tawag at hayaan ang Diyos na manguna.

G. Ang layunin ng pagpapalago ng iglesia ay abutin ang maraming tao para kay Hesu Kristo.
- Sinabi ni Hesus, , "Dapat ko ring ipangaral sa ibang mga bayan ang Magandang Balita tungkol sa kaharian ng Diyos, sapagkat ito ang dahilan kaya ako isinugo" (Lucas 4:43).
- Tayo ang mga sinugo ng kaharian ng Diyos na naglaan ng ating buhay para sa pagpapalago ng Kanyang iglesia.
- Ang ating pagpapagal ay hindi nakatuon sa pagpapanatili ng isang organization.
- Ang nais natin ay mas maraming tao ang lumapit at magkaroon ng kaalaman tungkol sa kaligtasan na mula kay Hesu Kristo.
- At nais din nating turuan ang mga bagong mananampalataya upang sila ay maging disipulo ayon sa wangis ni Kristo.
- Sinabi ni Hesus, " Sinasabi ko naman sa inyo, masdan ninyo ang mga bukid, hinog na ang trigo at handa nang anihin" (Juan 4:35).

### *6. Ang Pangunguna Ng May Pagbabago*

H. Layunin natin na mapalago ang mga lider gamit ang huwaran ng pagiging wangis ni Kristo. Si Hesus ang ating huwaran.

***Ang lider na nangunguna nang may pagbabago ay lider na tulad ni Kristo.***

B. Ang mga *lider na nangunguna nang may pagbabago* ay nagpapasakop at mapagpakumbaba.
   - Sumusunod sila kay Hesu Kristo na nagpasakop sa kalooban ng Kanyang Ama (Filipos 2:5-8).
   - Lubos silang umaasa sa Diyos na tutugon sa kanilang mga panalangin at magbibigay ng lahat nilang pangangailangan (Juan 15:7).
   - Nagpapasakop sila sa pamumuno ng iba at iniisip ang kapakanan ng iba bago ang sarili (Efeso 5:21).

C. Ang mga *lider na nangunguna nang may pagbabago* ay mga lingkod.
   - Sinusunod nila ang halimbawa ni Hesu Kristo na naparito hindi para paglingkuran kundi upang maglingkod sa iba (Marcos 10:45; Mateo20:28).
   - Nangunguna sila sa ganitong espiritu at ugali ng paglilingkod (Filipos 2).

D. Ang mga *lider na nangunguna nang may pagbabago* ay tumitingin sa hinaharap.
   - "Ang bansang walang patnubay ng Diyos ay puno ng kaguluhan" (Kawikaan 29:18).
   - "Ito ang tugon ni Yahweh: Isulat mo nang malinaw sa mga tapyas ng bato ang pangitaing ipahahayag ko sa iyo" (Habakkuk 2:2).
   - Ipinakita sa atin ni Hesus kung ano ang Kaharian ng Diyos; dapat din nating gawin ito sa paraan na malinaw itong mauunawaan ng lahat.
   - Ang katangiang ito ang naghihiwalay sa tagasunod at mga lider. Ang mga lider na may pagtingin sa hinaharap ay humihingi ng direksiyon sa Diyos para sa iglesia at sa komunidad nito at ibinabahagi ito sa iba.

E. Ang mga *lider na namumuno nang may pagbabago* ay nag-iisip ng tamang pamamaraan.
   - May kakayahan silang isakatuparan ang gawain sa kanilang komunidad upang maging instrumento sa pagpapalaganap ng kaharian ng Diyos.
   - Nauunawaan nila ang kalalagayan ng ating panahon, at nakakasumpong sila ng mga sagot mula sa Biblia katulad ng ginawa ng mga anak ni Issachar (1 Cronica 12: 32).
   - Nakikita nila ang mga kaluluwa na kailangang madala sa kaharian ng Diyos.
   - Isinasagawa nila ang pangitain sa mga gawain na magpapakilos sa mga mananampalataya patungo sa anihan.
   - May kakayahan silang ilagay ang kanilang layunin at misyon sa simple at epektibong mga plano para sa kaharian ng Diyos (Lucas 14:28-30).

F. Ang mga *lider na namumuno nang may pagbabago* ay tagapagtaguyod ng pangkat o mga kasama.
   - Si Hesus ang ating huwaran. Bumuo Siya ng grupo at binigyan ito ng kapangyarihan, sa halip na gawin ang kanyang ministeryo ng mag-isa (Mateo 10).
   - Ang mga disipulo ni Hesus ay mga pangkaraniwang tao, ngunit binago nila ang mundo (Mga Gawa 17:6).
   - Ang mga lider ng pagbabago ay nagtataguyod sa mga lahat ng tao sa iglesia upang maging kasapi ng grupo para sa gawain sa kaharian ng Diyos.

G. Ang mga *lider na namumuno nang may pagbabago* ay nagsusulong ng pagtulong sa iba.
   - Nang pahayuin ni Hesus ang Kanyang mga agalad upang magpakalat ng ebanghelyo, tinuruan Niya sila na maging "matalino gaya ng ahas at maamo na gaya ng kalapati" (Mateo 10:16).
   - Ang mga lider ng pagbabago ay may marunong timbangin ang biyaya at kautusan, katarungan at awa kalakip ng kabanalan.
   - Kailangan nilang maging marurunong sa paggawa ng desisyon at maninidigan sa kanilang mga

desisyon.
- Gayunpaman, ang kanilang mga desisyon ay may kalakip na kahabagan.
- Dapat silang magsalita ng katotohanan sa diwa ng pag-ibig (Efeso 4:15).

H. Ang mga *lider na namumuno nang may pagbabago* ay malinaw makipag-ugnayan.
- Sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, palaging sinasabi ni Hesus, ang sinumang may "pandinig ay makinig" (Mateo 13:43). Nais ni Hesus na patuloy at paulit-ulit na makinig ang mga sumusunod sa Kanya.
- Ang mga lider ng pagbabago ay nagsisikap na magsalita ng malinaw at may katotohanan tulad ni Hesus.
- Ang mga lider ng pagbabago ay nauunawaan ang kahalagahan ng malinaw, hindi pabago-bago at may pusong pakikipag-ugnayan. "At kung hindi malinaw ang tunog ng trumpeta, sino ang maghahanda sa pakikipaglaban?" (1 Corinto 14:8)

I. Ang mga *lider na namumuno nang may pagbabago* ay nagbibigay ng kapangyarihan para itaguyod ang susunod na henerasyon para mamuno sa kaharian ng Diyos.
- Ang pamumuno ni Joshua ay nabigo na itaguyod ang susunod na henerasyon ng mga lider; pinamunuan lamang niya ang kanyang henerasyon (Mga Hukom 2:10).
- Ang mga lider na namumuno nang may pagbabago ay hindi nagtatayo ng sariling kaharian habang sila ay nasa tungkulin; sinasanay nila ang kasalukuyan at susunod na henerasyon.
- Kinikilala, sinasanay at bumubuo sila ng mga tagapagturo na huhubog, magbibigay ng kapangyarihan, at magpapahayo sa mga lider para sa kaharian ng Diyos.
- Walang pamumunong nagtagumpay kung walang susunod na pinuno. "Ang mga narinig mo sa akin sa harap ng maraming saksi ay ipagkatiwala mo rin sa mga taong may katapatan at may kakayahang magturo naman sa iba" (2 Timoteo 2:2) .

## *7. Pagtulong nang May Layunin*

J. Ang *pagtulong nang may layunin* ay nagpapakita ng mapagmahal na puso ng Diyos.
- Ang pagsugo ng Diyos sa Kanyang Anak sa sanlibutan at ang pagkamatay ni Hesus para sa sangkatauhan ay mga napakagandang kaloob ng pagmamahal at habag ng Diyos.
- Sinabi sa Juan 3:16-17 na ibinigay ng Diyos sa atin ang Kanyang Anak mula sa nag-umaapaw Nyang pagmamahal upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Gayundin, sinasabi ng 1 Juan 3:16-17 na ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan ay naipahayag sa pagpapakita ng habag ng mga mananampalataya sa mga nilikha ng Diyos.
- Ang buhay, ministeryo, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus ay naglarawan ng isang puspos ng pag-ibig sa iba at sa buong mundo (Mateo 9:36).

K. Ang *pagtulong nang may layunin* ay palaging ginagawa sa pangalan ni Hesus.
- Si Hesus ang halimbawa natin sa pagtulong at kahabagan. Sa Ebanghelyo, napuno ng habag ang kalooban ni Hesus "para maghirap kasama" ng sangkatauhan.
- Matindi ang pagkahabag, pag-ibig at pagkalinga ni Hesus sa mga mahihirap, naliligaw, maysakit, naaapi at mahihina.

***Ginagawa natin ang bawat paglilingkod, pagbibigay at pagpapakita ng awa sa pangalan ni Hesus, at inaalay natin ang ating ginagawa upang ipahayag ang pag-ibig ni Hesus.***


C. Ang *pagtulong nang may layunin* ay isinasaalang-alang ang dignidad ng bawat tao.
- Ang mga anak ng Diyos ay nagbibigay ng pag-asa, pagmamahal, at tulong sa pangalan ni Hesus sa paraan na nagbibigay dangal sa isang tao na nilikha sa wangis ng Diyos at nilikha ng Diyos.
- Ang pagtulong ay walang ibang layunin kundi iabot ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo.

CI. Ang *pagtulong nang may layunin* ay natural na dumadaloy sa mga mananampalatayang binago na.
- Tinawag ang iglesia na maging kinatawan ng pag-ibig at habag ng Diyos sa mundo.
- Ang gawain ng pagtulong ay hindi natatapos sa pagtulong sa mga tao o pagiging bahagi ng mga programa sa lipunan.
- Bilang katawan ni Kristo, ang pagkatawag sa atin na maging matulungin ay sumasakop sa lahat ng bahagi at sa paraan na sumasaklaw sa kabuuan ng buhay ng isang tao, ayon sa pamumuhay ni Hesus na ginabayan ng Banal na Espirito.
- Binabago ng Banal na Espiritu ang puso ng mga mananampalataya na kumilos upang maghatid ng pisikal, sosyal, at espiritwal na pagbabago sa buong mundo.
- Ang pagtulong ay importanteng bahagi sa buhay at ministeryo ng bawat kongregasyon.



E. Ang *pagtulong nang may layunin* ay ating kahulugan ng buong misyon ayon kay Wesley.
   - Sinugo tayo ng Diyos Ama at binigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na humayo sa mundo para ibigin at paglingkuran ang Panginoon.
   - Naniniwala tayo na ang Ama ay kumikilos sa kapangyarihan ng Espiritu sa buhay ng bawat tao, at tayo ay tinawag na makiisa sa kanila sa paggawa ng mabuti.
   - Ang totoong ebanghelismo ay naghahatid ng panawagan at paninindigan na pumasok at maging bahagi sa buhay ng mga tao sa ating paligid.
   - Sa pangalan ni Hesus, lumalapit tayo sa paghihirap at kakulangan, at sinisikap nating maghatid ng kagalingan, pag-asa, kapayapaan at pag-ibig sa mga nangangailangan, naaapi at mahihina.
   - Inilalapit natin ang sarili sa isa't-isa sa pagmamahalan bilang magkakaibigan at isang komunidad, na nadudulot ng magandang epekto sa lipunan. Ito  ang paraan kung paano binubuo at pinalalawak ng Diyos ang katawan ni Kristo.

F. Ang *pagtulong nang may layunin* ay dumadaloy mula sa ating buhay bilang pagpapahayag ng ating pagtupad sa misyon ng Diyos na tubusin ang mundong wasak at puno ng kasalanan.
   - Sinisikap nating makita, pakinggan, at tumugon sa wasak na buhay at sangkatauhang puno ng pighati sa pamamagitan ng paraan na ginawa ng Diyos.
   - Sinisikap nating maglaan para sa mga pangangailangan mula sa lahat ng maaaring pagkunan, upang mabawasan ang paghihirap ng tao at masumpungan ang plano ng Diyos sa pagbabago, kaligtasan at kapayapaan sa mundo
   - Sinisikap nating ayusin ang mga paulit-ulit na sistema sa lipunan, na lumilikha ng kawalan ng katarungan na nagdudulot ng pang-aapi sa mga tao at kasamaan sa ating mundo, at ginagawa natin ito sa pangalan ni Hesus.
   - Sinisikap natin, sa lahat ng ating ginagawa, na tumulong sa pagtupad ng misyon ng Panginoon at ihatid ang kaluwalhatian sa Diyos (Micas 6:8).



# ANG ATING TEOLOHIYA AYON KAY WESLEY

## Ang Himala ng Nakapagbabagong Biyaya

" Ang biyayang mas malawak pa kaysa sa ating kasalanan."  Kahanga-hangang kaisipan!  At ito lamang ang unang linya ng isang awit.

Kay Hesus, ang Diyos ay nagkatawang tao at kumilos nang may katiyakan upang maibalik ang sanlibutan sa kanyang sarili.  (Juan 3:15-16; Roma 1:1-16).  "Nang tayo ay makasalanan pa, ipinagkaloob ng Diyos ang Kanyang Anak," bilang handog, upang sa pamamagitan ng kanyang dugo ay mapatawad ang kasalanan ng lahat (Roma 3:25).  Ang Panginoon ng lahat ng nilalang ay pinasan ang lahat ng kasalanan sa mundo at nagbigay ng kaligtasan para sa lahat!

Kay Kristo Hesus, ang katwiran ng Diyos - ang Kanyang kaligtasan - ay nahayag (Roma 3:21).  Kung hindi sa ginawang ito, ang lahat ng tao ay walang pag-asa at hiwalay sa Diyos magpakailanman (Efeso 1:5- 2:10).  Tulad nito, lahat ng kapangyarihang maaaring magpahiwalay sa atin sa Diyos ay nilupig na (Colosas 2:15). Ngayon, "sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo" (Roma 3:22), tayo ay pinalaya na (Roma 8:2)!

Ang Bagong Tipan ay binubuo ng isang himno ng papuri sa Diyos na nagbigay ng labis na biyaya sa atin (Efeso 1:6-10). Kay Kristo, ang lahat ng kapuspusan ng Diyos ay naninirahan sa Kanyang katawan, at ang mga tatanggap kay Kristo ay makakaranas din ng kapuspusan sa Kanya (Colosas 2: 8-15). Matapos suriin ang mga pakinabang ng biyaya ng Diyos, sumigaw si Pablo, "Kay lalim ng kayamanan ng katalinuhan at karunungan ng Diyos. Walang makakasaliksik ng Kaniyang mga kahatulan" (Roma 11:33). Ang ilan sa mga biyayang ito ay: pagpapatawad ng kasalanan, ang Espiritu na nananahan sa atin, paghubog sa wangis ni Kristo, buhay na walang hanggan, pakikipag-isa sa Diyos, kabanalan, pakikipagkapatiran sa iglesia, at pag-asa sa pagbabalik ng Panginoon.

Nang magsalita si Jesus, ang narinig ng maraming tao ay totoong "Mabuting Balita" na ang Diyos ay malayang pinagkakasundo ang mga makasalanan sa kanyang sarili. Kahit na isang kolektor ng buwis o ang babaeng nangangalunya, nang marinig ang pag-ibig ng Diyos, ay maaring magsisi, mapatawad at magkaroon ng buhay na walang hanggan. Kusang loob na ibinibigay ng Diyos ang kanyang sarili sa sinumang magsasabi na wala silang kakayahan na gawin ang anumang bagay para maging karapat-dapat sa kanyang habag (Lucas 15).

Bago pa natin malaman ang lahat ng ito, ang Banal na Espiritu ay kumikilos na, sinisikap na ilapit tayo sa kaligtasan. Sinasabi sa mga Mga Awit na walang lugar kung saan ang tinig ng Diyos ay hindi naririnig (Mga Awit 19: 3). Sinasabi ni Pablo sa atin na, sa bawat sandali, ang buhay ng buong nilikha ay nakasalalay kay Kristo (Colosas 1:15-17). Ipinahayag ni Juan na si Kristo ang nagbibigay ng liwanag sa lahat (Juan 1:9).

Sa mga paraan na katumbas ng pagkamalikhain at katapatan ng Diyos, ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa bawat tao at kasaysayan upang buksan ang daan para sa ebanghelyo. Nandoon na Siya bago pa maipahayag ang ebanghelyo at hinahanda ang mga tao sa pakikinig at – pagtanggap – ng Mabuting Balita.

Ang lahat ng Kristiyano ay maaring balikan kung paano sila dinala ng Espiritu sa kaligtasan. Tinatawag natin ang pagkilos ng biyaya ng Diyos na ito bilang "paunang biyaya,' o ang biyaya na nandoon na bago pa man.

Ang Dios ay para sa atin. Lahat ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak, ay ibinibigay niya sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sa katunayan, ang buong nilikha ay nakikinabang mula sa kaligtasan na binigay ng Ama sa pamamagitan ng Kanyang Anak (Roma 8: 19-25).

Ang pagpapawalang-sala ay ang pagkilos ng Diyos upang tayo ang patawarin at pagkasunduin ang mga makasalanan sa kanyang sarili. Ang pagpapawalang-sala – pagbalik ng kaluguran ng Diyos – ay dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.

Ang pagpapawalang-sala ay isang aspeto lamang ng pagliligtas ng Diyos. Ang ikalawang aspeto ay ang pananahan ng Espiritu ng Diyos sa makasalanang nagsisi at nagbago ng buhay sa Diyos. Siya ay ipinanganak na muli – binago – ng Espiritu ng Diyos. Tinatawag sa Bagong Tipan ang pagkakaroon ng espiritwal na buhay na ito na bagong nilalang, ipinanganak na muli, kapanganakan mula sa langit, buhay na walang hanggan, pagpasok sa kaharian ng Diyos, paglakad sa bagong buhay, at buhay sa Espiritu.

Anuman ang wika, sa himala ng banal na biyaya, ang Banal na Espiritu ay tunay na naninirahan sa mga Kristiyano at nagdudulot ng totoong pagbabago.  Kung saan dating may kamatayan, ngayon ay may buhay; kapayapaan sa Diyos kung saan noon ay may pakikipaglaban at pagasa kung saan dating kapighatian. Ipinahahayag ng Bagong Tipan:  "Kung ang sinuman ay na kay Kristo, isa na siyang bagong nilalang, Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip sya ay binago na"(2 Corinto 5: 17-18a).

Inilalarawan sa Bagong Tipan ang mga Kristiyano bilang "na kay Kristo" at si Kristo na nananahan sa kanila.  Sa kabilang banda, ang mga Kristiyano ay nakipagkaisa na sa Diyos. Dahil sa kanilang pananampalataya  sila ay "na kay Kristo na" (Roma 8:1), sa kanya na nakipagkaisa ang mga makasalanang nagsisi sa Ama.


Sinasabi din sa Bagong Tipan na si Kristo na nasa atin ay "ang pagasa sa kaluwalhatian" (Colosas 1:27). Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang Kristong nabuhay ay binahagi ang kanyang buhay – ang Kanyang sarili – sa mga tao. Nananatili Siya sa kanila at pinalalago sa kanila ang bunga ng Espiritu (Galacia 5:22-23).

"Ngunit," maraming nagtatanong, "anong uri ng espirituwal na buhay ang aasahan ko bilang isang Kristiyano? Puwede pa bang bumalik ang dati kong makasalanang gawain sa akin? O magiging mas maayos na ang aking buhay dahil ang Espiritu ng Diyos ay nasa akin na?" Ang sagot ng Bagong Tipan: "Mas dakila ang sumasaiyo, kaysa sa nasa sanlibutan" (1 Juan 4: 4).

Ang parehong kapangyarihang nagbangon kay Hesu Kristo mula sa mga patay – na nagbigay sa Kanya ng tagumpay mula sa kamatayan, impiyerno, kasalanan at libingan – ngayon ay kumikilos sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Efeso 1:19)! Noon ang naghahari ay ang dati at lumang batas ng kasalanan. Ito ay sapagkat "ang kautusan ng Espiritu ng buhay na nasa kay Kristo Hesus ay nagpalaya sa akin mula sa kautusan ng kasalanan at kamatayan" (Roma 8: 2).

Ang nakalulugod na kaugalian para sa lahat ng Kristiyano ay ang mapuspos sila ng Banal na Espiritu, na hindi sila nabuhay ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu (Roma 8:1-8). Naranasan mo na ba ang biyaya ng Diyos na nagbago sa iyong buhay?

"The Miracle of Transforming Grace" sanaysay mula sa, "The Reflecting God Study Bible ® 2000. Inilathala ng The Zondervan Corporation at Sanaysay sa Beacon Hill Press ng Kansas City. Ginamit sa pahintulot ng Naglathala.  Lahat ng karapatan ay nakalaan.


AΩ

# CHURCH OF THE NAZARENE*

# SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

## PAUNANG SALITA

Upang mapangalagaan natin ang pamanang mula sa Diyos, ang pananampalatayang minsang inihatid sa mga banal, lalo't higit ang doktrina at karanasan ng wagas na kabanalan, bilang pangalawang pagkilos ng biyaya, at upang makiisa din sa iba pang mga sangay ng iglesia ni Hesu Kristo sa pagsulong sa kaharian ng Diyos, kami, mga pastor at mga manggagawa ng Church of the Nazarene, alinsunod sa mga prinsipyong konstitusyunal na itinatag sa atin, ay nagpapapabanal, nagpapatibay at nagtatakda bilang pangunahing batas o Konstitusyon ng Church of the Nazarene ang Saligan ng Pananampalataya, Ang Tipan ng Kristiyanong Pamumuhay, at ang Saligan ng Samahan at Pamahalaan, ay nagpapatotoo:

### I. Dios sa Tatlong Persona

**1.**Naniniwala kami sa iisang walang hanggang umiiral, walang katapusang Diyos, makapangyarihang Manlilikha at Tagapanatili ng buong sanlibutan, na Siya lamang ang Diyos, likas ang kabanalan, katangian at layunin. Ang Dios na banal, na pag-ibig at liwanag ay tatlong Persona na mahahalagang pagkatao, na inihayag bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu.

(Genesis 1; Leviticus 19:2; Deuteronomeo 6:4-5; Isaias 5:16; 6:1-7; 40:18-31; Mateo 3:16-17; 28:19-20; Juan 14:6-27; 1 Corinto 8:6; 2 Corinto 13:14; Galacia 4:4-6; Efeso 2:13-18; 1 Juan 1:5; 4:8)

### II . Hesu Kristo

**2.** Naniniwala kami kay Hesu Kristo, ang ikalawang Persona ng Diyos; na Siya ay walang hanggang kasama ng Ama; na Siya ay nagkatawang tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at isinilang ni Birheng Maria, upang ang dalawang buo at wagas na katangian, ang pagiging Diyos at pagiging tao ay pinag-isa sa isang Personalidad- totoong Diyos at totoong tao, ang Diyos na tao.

Naniniwala kami na si Hesu Kristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, tunay Siyang bumangon mula sa mga patay, at kinuha muli ang Kanyang katawan, kasama ang lahat ng bagay na angkop sa kasakdalan ng kalikasan ng tao, kung saan umakyat Siya sa langit at nakikibahagi sa pananalangin para sa atin.

(Mateo 1:20-25; 16:15-16; Lucas 1:26-35; Juan 1:1-18; Mga Gawa 2:22-36; Roma 8:3, 32-34; Galacia 4:4-5; Filipos 2:5-11; Colosas 1:12-22; 1 Timoteo 6:14-16; Hebreo 1:1-5; 7:22- 28; 9:24-28; 1 Juan 1:1-3; 4:2-3, 15)

## III . Ang Banal na Espiritu

**3.** Naniniwala kami sa Banal na Espiritu, ang Ikatlo sa Tatlong Persona ng Diyos, na lagi Siyang naririto at aktibong kumikilos sa loob ng Iglesia ni Kristo, mahusay at aktibong kumikilos sa labas at sa loob ng iglesia ni Kristo, hinihikayat ang mundo na puno ng kasalanan, binabago ang mga nagsisisi at naniniwala, pinapabanal ang mga mananampalataya, at gumagabay sa lahat ng katotohanan na mula kay Hesus.

(John 7:39; 14:15-18, 26; 16:7-15; Acts 2:33; 15:8-9; Romans 8:1-27; Galatians 3:1-14; 4:6; Ephesians 3:14-21; 1 Thessalonians 4:7-8; 2 Thessalonians 2:13; 1 Peter 1:2; 1 John 3:24; 4:13)

## IV. Ang Banal na Kasulatan

**4.** Naniniwala kami sa pangunahing inspirasyon ng Banal na Kasulatan, kung saan nauunawaan natin ang 66 na aklat ng Luma at Bagong Tipan, na ibinigay ng banal na inspirasyon, nagpapahayag ng kalooban ng Diyos sa atin tungkol sa lahat ng bagay na kailangan para sa ating kaligtasan, upang anuman ang hindi nakapaloob dito ay hindi dapat ituring bilang bahagi ng saligan ng pananampalataya.

(Luke 24:44-47; John 10:35; 1 Corinthians 15:3-4; 2 Timothy 3:15-17; 1 Peter 1:10-12; 2 Peter 1:20-21)

## V. Kasalanan, Orihinal at Personal

**5.** Naniniwala kami na dumating ang kasalanan sa mundo dahil sa pagsuway ng ating mga unang magulang, at kamatayan dahil sa kasalanan. Naniniwala kami sa dalawang uri ng kasalanan: orihinal na kasalanan o kasamaan, at aktwal o personal na kasalanan.

**5.1.** Naniniwala kami na ang orihinal na kasalanan, o kasamaan ay ang likas na katiwalian ng lahat ng anak ni Adan, ang dahilan kung bakit lahat ay napalayo mula sa orihinal na katuwiran o ang dalisay na kalagayan ng ating mga unang magulang sa panahon ng kanilang paglikha, ay taliwas sa Diyos, walang espirituwal na buhay, at nakatuon sa kasamaan at nagpapatuloy nito. Naniniwala pa rin kami na ang orihinal na kasalanan ay patuloy na umiiral sa bagong buhay ng mga pinatawad na, hanggang ganap na malinis ang puso sa pamamagitan ng bautismo sa Banal na Espiritu.

**5.2.** Naniniwala kami na ang orihinal na kasalanan ay iba sa aktwal na kasalanan. Ang una ay binubuo ng minanang likas na gawi, kung saan walang sinuman ang mananagot hanggang hindi binalewala o tinanggihan ang lunas na dakilang ibinigay.

**5.3.** Naniniwala kami na ang aktwal o personal na kasalanan ay isang kusang loob na paglabag ng taong may moral na responsibilidad sa utos ng Diyos. Hindi ito dapat na ikalito sa hindi sinasadya at hindi matatakasang kakulangan, pagkakamali, kahinaan, pagkabigo at iba pang paglihis sa pamantayan ng tamang pag-uugali dahil sa epekto ng pagkahulog sa tukso. Gayunpaman, hindi kabilang sa mga ito ang mga ugali at gawi na labag sa Espiritu ng Diyos, na tinatawag na kasalanan ng espiritu. Naniniwala tayo na ang personal na kasalanan ay paglabag sa kautusan ng pag-ibig; at sa kaugnayan kay Kristo, ito ay matatawag na kawalan ng pananampalataya.

(Orihinal na Kasalanan: Genesis 3; 6:5; Job 15:14; Mga Awit 51:5; Jeremias 17:9-10; Marcos 7:21-23; Roma 1:18-25; 5:12-14; 7:1-8:9; 1 Corinto 3:1-4; Galacia 5:16-25; 1 Juan 1:7-8 Personal na Kasalanan: Mateo 22:36-40 (kasama ng 1 Juan 3:4}; Juan 8:34-36; 16:8-9; Roma 3:23; 6:15-23; 8:18-24; 14:23; 1 Juan 1:9-2:4; 3:7-10)

## VI. Ang Pagtubos

**6.** Naniniwala kami na si Hesu Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang paghihirap, sa pagbuhos ng Kanyang sariling dugo, at sa Kanyang kamatayan sa Krus, ay tinubos ang kasalanan ng sangkatauhan, at ang pagtutubos na ito ang siyang batayan ng kaligtasan. Ito ay sapat na para sa lahat ng tao na galing sa lahi ni Adan. Ang pagtutubos na ito ay ibinibigay dinpara sa kaligtasan ng mga taong walang kakayahang magdesisyon sa sarili, at para sa batang inosente, ngunit kung ang mga ito ay dumating sa tamang edad ng katinuan ang kaligtasan ay ibinibigay lamang kung sila ay magsisi at maniwala.

(Isaiah 53:5-6, 11; Mark 10:45; Luke 24:46-48; John 1:29; 3:14-17; Acts 4:10-12; Romans 3:21-26; 4:17-25; 5:6-21; 1 Corinthians 6:20; 2 Corinthians 5:14-21; Galatians 1:3-4; 3:13-14; Colossians 1:19-23; 1 Timothy 2:3-6; Titus 2:11-14; Hebrews 2:9; 9:11-14; 13:12; 1 Peter 1:18- 21; 2:19-25; 1 John 2:1-2)

## VII . Paunang Biyaya

**7.** Naniniwala kami na kasama sa paglikha sa tao ayon sa wangis ng Diyos ang kakayahang mamili ng tama at mali, kaya ang tao ay mayroong moral na responsibilidad; na dahil sa pagkakasala ni Adan sila ay naging masama at hindi makabalik at maihanda ang kanilang sarili sa sarili nilang lakas at gawa para sa pananampalataya at pagtawag sa Diyos. Ngunit naniniwala rin tayo na ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Hesu Kristo ay malayang ibinigay sa lahat ng tao, hinahayaan ang sinumang nais na talikuran ang kasalanan tungo sa katuwiran, maniwala kay Hesu Kristo para sa kapatawaran at paglilinis ng kasalanan at gumawa ng mga bagay na mabuti at katanggap tanggap sa Kanyang paningin.

Naniniwala kami na ang lahat ng tao, kahit na ito ay may karanasan ng pagbabagong buhay at kabanalan, ay maari pa ring mawala sa biyaya, tumalikod at maliban na sila'y magsisi ng kanilang kasalanan, ay mawalan ng pag-asa at habang buhay na mahiwalay sa piling ng Diyos.

(Pagiging tulad ng Dios at moral na responsibilidad: Genesis 1:26-27; 2:16-17; Deuteronomio 28:1-2; 30:19; Josue 24:15; Mga Awit 8:3-5; Isaias 1:8-10; Jeremias 31:29-30; Ezekiel 18:1-4; Mica 6:8; Roma 1:19-20; 2:1-16; 14:7-12; Galacia 6:7-8 Natural na kawalan ng kakayahan: Job 14:4; 15:14; Mga Awit 14:1-4; 51:5; Juan 3:6a; Roma 3:10-12; 5:12-14, 20a; 7:14-25 Libreng Biyaya at Pagkilos ng Pananampalataya: Ezekiel 18:25-26; Juan 1:12-13; 3:6b; Mga Gawa 5:31; Roma 5:6-8, 18; 6:15-16, 23; 10:6-8; 11:22; 1 Corinto 2:9-14; 10:1-12; 2 Corinto 5:18-19; Galacia 5:6; Efeso 2:8-10; Filipos 2:12-13; Colosas 1:21-23; 2 Timoteo 4:10a; Tito 2:11-14; Hebreo 2:1-3; 3:12-15; 6:4-6; 10:26-31; Santiago 2:18-22; 2 Pedro 1:10-11; 2:20-22)

## VIII . Pagsisisi

**8.** Naniniwala kami na ang pagsisisi, na isang taos-puso at lubusang pagbabago ng pag-iisip ukol sa kasalanan, kasama ng pakiramdam ng pag-uusig ng budhi at kusang loob na pagtalikod sa kasalanan, ay inaasahan sa lahat ng nakagawa at hayagang nagkasala laban sa Diyos. Ang Espiritu ng Diyos

ay nagbibigay ng bukas-palad na pagtulong, pag-asa at habag sa pusong nagsisisi, upang sila ay maniwala sa kapatawaran at espirituwal na buhay.

(2 Cronica 7:14; Mga Awit 32:5-6; 51:1-17; Isaias 55:6-7; Jeremias 3:12-14; Ezekiel 18:30-32; 33:14-16; Marcos 1:14-15; Lucas 3:1-14; 13:1-5; 18:9-14; Mga Gawa 2:38; 3:19; 5:31; 17:30-31; 26:16-18; Roma 2:4; 2 Corinto7:8-11; 1 Tesalonica 1:9; 2 Pedro 3:9)

## IX.Pagpapawalang-sala, Pagbabagong Buhay at Pagtanggap

**9.** Naniniwala kami na ang pagpapawalang-sala ay ang mahabagin at makatarungang pagkilos ng Diyos kung saan ipinagkakaloob Niya ang buong kapatawaran ng lahat ng kasalanan at ang ganap na pagpapalaya mula sa kaparusahan ng kasalanan, ang pagtanggap bilang matuwid, sa lahat ng maniniwala kay Hesu Kristo at tatanggap sa Kanya bilang Panginoon at Tagapagligtas.

**9.1.** Naniniwala kami na ang pagbabagong-buhay o pagsilang na muli, ay ang mapagmahal na pagkilos ng Diyos kung saan ang likas na katauhan ng isang nagsisising mananampalataya ay binago at binigyan ng espirito na may kakayahang manampalataya, magmahal at sumunod.

**9.2.** Naniniwala kami na ang pagtanggap ay isang mapagmahal na pagkilos ng Diyos kung saan ang mga pinawalang sala at binagong mananampalataya ay tinuring na anak ng Diyos.

**9.3.** Naniniwala kami na ang pagpapawalang-sala, pagbabagong buhay at pagtanggap ay ang magkakasabay na karanasan ng mga naghahanap sa Diyos at nasusumpungan Siya sa pamamagitan ng pananampalataya, kasunod ng pagsisisi; at sa pagkilos at biyaya na pinatotohanan ng Banal na Espiritu.

(Luke 18:14; John 1:12-13; 3:3-8; 5:24; Acts 13:39; Romans 1:17; 3:21-26, 28; 4:5-9, 17-25; 5:1, 16-19; 6:4; 7:6; 8:1, 15-17; 1 Corinthians 1:30; 6:11; 2 Corinthians 5:17-21; Galatians 2:16-21; 3:1-14, 26; 4:4-7; Ephesians 1:6-7; 2:1, 4-5; Philippians 3:3-9; Colossians 2:13; Titus 3:4-7; 1 Peter 1:23; 1 John 1:9; 3:1-2, 9; 4:7; 5:1, 9-13, 18)

## X. Kristiyanong Kabanalan at Ganap na Kabanalan

**10.** Naniniwala kami na ang pagpapabanal ay gawain ng Diyos na nagbabago sa mga mananampalataya na maging kawangis ni Kristo. Ito ay ginawa dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa unang pagpapabanal o pagbabagong buhay (kasabay ng pagpapawalang-sala), ganap na pagpapabanal, at ang patuloy na perpektong pagkilos ng Banal na Espiritu na hahantong sa kaluwalhatian. Sa kaluwalhatian, tayo ay ganap na kawangis na ng Anak ng Diyos.

Naniniwala kami na ang ganap na pagpapabanal ay gawain ng Diyos, kasunod ng pagbabagong-buhay, kung saan ang mga mananampalataya ay pinalalaya sa orihinal na kasalanan, o kasamaan at inihahatid sa kalagayan ng lubos na pagtatalaga ng buhay sa Diyos, at sa banal na pagsunod sa dalisay na pag-ibig.

Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagbabautismo o pagpupusopos ng Banal na Espiritu, at nauunawaan sa isang karanasan ang paglilinis ng puso mula sa kasalanan at ang pagsunod, paninirahan ng presensiya ng Banal ng Espiritu, na nagbibigay ng kapangyarihan sa mananampalataya para sa buhay at paglilingkod.

Ang lubos na pagpapabanal ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng dugo ni Hesus, at kaagad na nangyayari dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, pinangunahan ng lubos na paghahandog ng sarili sa Diyos; at sa pagkilos at biyaya na pinatotohanan ng Banal na Espiritu.

Ang karanasang ito ay kilala rin sa maraming tawag na naglalarawan sa iba't-ibang antas nito, tulad ng "pagiging ganap na Kristiyano," "ganap na pag-ibig," "kadalisayan ng puso," "ang pagbautismo o pagkapuspos ng Banal na Espiritu," "ang kapuspusan ng pagpapala," at "Kristiyanong Kabanalan."

**10.1.** Naniniwala kami na malaki ang pagkakaiba ng dalisay na puso sa magandang ugali. Ang una ay madaling makamit, ang bunga ng lubos na pagpapabanal; ang huli ay bunga ng paglago sa biyaya.

Naniniwala kami na ang biyaya ng lubos na pagpapabanal ay kasama ang dakilang naisin na lumago sa biyaya bilang disipulong kawangis ni Kristo. Gayunpaman, ang naisin na ito ay kailangang alagaan at masusing bigyan ng atensiyon ang mga kailangang hakbang sa pagbabagong espirituwal at paglago ng karakter at pagkatao na tulad ni Kristo. Kung walang ganitong layunin at pagsusumikap, ang patotoo ng isang saksi ay mababale wala at ang ang biyaya mismo ay mabibigo at lubusang mawawala.

Ang pakikilahok sa mga gawain dahil sa biyaya ng Diyos, lalo na ang pakikisama, mga disiplina, at mga sakramento ng Iglesia, ang nagpapalago sa mga mananampalataya sa biyaya at buong pusong pagmamahal sa Diyos at sa kanyang kapwa.

(Jeremiah 31:31-34; Ezekiel 36:25-27; Malachi 3:2-3; Matthew 3:11-12; Luke 3:16-17; John 7:37-39; 14:15-23; 17:6-20; Acts 1:5; 2:1-4; 15:8-9; Romans 6:11-13, 19; 8:1-4, 8-14; 12:1-2; 2 Corinthians 6:14-7:1; Galatians 2:20; 5:16-25; Ephesians 3:14-21; 5:17-18, 25-27; Philippians 3:10-15; Colossians 3:1-17; 1 Thessalonians 5:23-24; Hebrews 4:9-11; 10:10-17; 12:1-2; 13:12; 1 John 1:7, 9) ("Christian perfection," "perfect love": Deuteronomy 30:6; Matthew 5:43-48; 22:37-40; Romans 12:9-21; 13:8-10; 1 Corinthians 13; Philippians 3:10-15; Hebrews 6:1; 1 John 4:17-18 "Heart purity": Matthew 5:8; Acts 15:8-9; 1 Peter 1:22; 1 John 3:3 "Baptism with the Holy Spirit": Jeremiah 31:31-34; Ezekiel 36:25-27; Malachi 3:2-3; Matthew 3:11-12; Luke 3:16-17; Acts 1:5; 2:1-4; 15:8-9 "Fullness of the blessing": Romans 15:29 "Christian holiness": Matthew 5:1-7:29; John 15:1-11; Romans 12:1-15:3; 2 Corinthians 7:1; Ephesians 4:17- 5:20; Philippians 1:9-11; 3:12-15; Colossians 2:20-3:17; 1 Thessalonians 3:13; 4:7-8; 5:23; 2 Timothy 2:19- 22; Hebrews 10:19-25; 12:14; 13:20-21; 1 Peter 1:15-16; 2 Peter 1:1-11; 3:18; Jude 20-21)

## XI. Ang Iglesia

**11.** Naniniwala kami sa Iglesia; ang komunidad na nagpapahayag na si Hesu Kristo ay Panginoon, mga mamamayan ng Diyos na binago ni Kristo, ang Katawan ni Kristo na sama-samang tinawag ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Salita.

Tinatawag ng Diyos ang Iglesia na ipahayag ang pagkakaisa at pagsasama-sama sa pamamagitan ng Espiritu -ang pagsamba sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita, ang pagsasagawa ng mga

sakramento, at ang pagmiministeryo sa Kanyang pangalan - sa pagsunod kay Kristo, pamumuhay ng may kabanalan, at pagkakaroon ng pananagutan sa isa't-isa.

Ang misyon ng Iglesia sa mundo ay makibahagi sa ministeryo ng pagtutubos at pagkakasundo ni Kristo sa kapangyarihan ng Espiritu. Tinutupad ng Iglesia ang kanyang misyon sa paggawa ng mga disipulo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo, edukasyon, pagtulong, pagkilos para sa hustisya, at pagpapatotoo sa kaharian ng Diyos.

Ang Iglesia ay isang makasaysayang kaganapan na nabubuo ayon sa kinagisnang kultura, umiiral bilang lokal na kongregasyon at bilang pandaigdigang samahan, at ito rin ang nagtatakda ng mga taong tinawag ng Diyos para sa isang ministeryo. Tinatawag ng Diyos ang Iglesia na mamuhay sa ilalim ng kanyang pamumuno sa pag-asa ng muling pagbabalik ng Panginoong Hesu Kristo.

(Exodus 19:3; Jeremiah 31:33; Matthew 8:11; 10:7; 16:13-19, 24; 18:15-20; 28:19-20; John 17:14-26; 20:21-23; Acts 1:7-8; 2:32-47; 6:1-2; 13:1; 14:23; Romans 2:28-29; 4:16; 10:9-15; 11:13-32; 12:1-8; 15:1-3; 1 Corinthians 3:5-9; 7:17; 11:1, 17-33; 12:3, 12-31; 14:26-40; 2 Corinthians 5:11-6:1; Galatians 5:6, 13-14; 6:1-5, 15; Ephesians 4:1-17; 5:25-27; Philippians 2:1-16; 1 Thessalonians 4:1-12; 1 Timothy 4:13;Hebrews 10:19-25; 1 Peter 1:1-2, 13; 2:4-12, 21; 4:1-2, 10-11; 1 John 4:17; Jude 24; Revelation 5:9-10)

## XII . Bautismo

**12.** Naniniwala kami na ang Kristianong Pagbabautismo, na inutos ng ating Panginoon, ay isang sakramento na nagpapahayag ng pagtanggap ng mga mananampalataya sa pagtubos ni Hesu Kristo mula sa kanilang kasalanan, at pagpapahayag ng kanilang pananampalataya kay Hesu Kristo bilang kanilang Tagapagligtas, at buong layuning pagsunod ng may kabanalan at katuwiran.

Ang pagbabaustismo, bilang simbolo ng Bagong Tipan, ay maaaring igawad sa maliliit na bata, sa kahilingan ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga na magbibigay ng katiyakan na sila ay nabigyan ng kinakailangang pagsasanay sa pamumuhay Kristiyano.

(Mateo 3:1-7; 28:16-20; Mga Gawa 2:37-41; 8:35-39; 10:44-48; 16:29-34; 19:1- 6; Roma 6:3-4; Galacia 3:26-28; Colosas 2:12; 1 Pedro 3:18-22)

## XIII . Ang Banal na Hapunan

**13.** Naniniwala kami na ang Banal na Hapunan na sinimulan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu Kristo ay isang importanteng sakramento sa Bagong Tipan. Nagpapahayag ito ng Kanyang pagkamatay, na dahilan ng pagkakaroon ng buhay at kaligtasan ng mga mananampalataya at nangangako sa lahat ng espirituwal na biyaya kay Kristo. Ito ay ibinibigay sa mga handang tanggapin ang kahalagahan nito, at sa pamamagitan nito ay ipinakikita nila ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa Kanyang muling pagbabalik. Dahil ito ay piging ng Pakikipag-isa, ang mga tao na may pananampalataya kay Hesus at pagmamahal sa mga banal ang tinawag na makilahok dito.

(Exodus 12:1-14; Mateo 26:26-29; Marcos 14:22-25; Lucas 22:17-20; Juan 6:28-58; 1 Corinto 10:14-21; 11:23-32)

## XIV. Banal na Pagpapagaling

**14.** Naniniwala kami sa doktrina ng Biblia tungkol sa banal na pagpapagaling at hinihikayat ang mga taong sikaping mag-alay ng panalangin nang may pananampalataya para sa kagalingan ng mga may sakit. Naniniwala rin tayo na ang Diyos ay nagpapagaling sa pamamagitan ng medisina at siyensiya.

(2 Kings 5:1-19; Psalm 103:1-5; Matthew 4:23-24; 9:18-35; John 4:46-54; Acts 5:12-16; 9:32-42; 14:8-15; 1 Corinthians 12:4-11; 2 Corinthians 12:7-10; James 5:13-16)

## XV. Muling Pagbabalik ni Kristo

**15.** Naniniwala kami na ang Panginoong Hesu Kristo ay muling magbabalik; na tayong mga nabubuhay pa sa Kanyang pagbabalik ay hindi mauuna sa kanila na natutulog kay Kristo Jesus; ngunit, kung tayo ay sumusunod sa Kanya, tayo ay masusumpungan na kasama ng mga nabuhay na banal upang salubungin ang Panginoon sa alapaap, upang tayo ay makasama ng Panginoon magpakailanman.

(Matthew 25:31-46; John 14:1-3; Acts 1:9-11; Philippians 3:20-21; 1 Thessalonians 4:13-18; Titus 2:11-14; Hebrews 9:26-28; 2 Peter 3:3-15; Revelation 1:7-8; 22:7-20)

## XVI. Muling Pagkabuhay, Paghuhukom at Huling Patutunguhan

**16.** Naniniwala kami sa muling pagkabuhay ng mga patay, na ang katawan ng matuwid at hindi matuwid ay bubuhaying muli at pagiisahin sa kanilang espiritu – "sila na gumawa ng kabutihan, sa muling pagkabuhay; at sila na gumawa ng kasamaan, ay sa walang hanggang kapahamakan.

**16.1.** Naniniwala kami sa darating na paghuhukom kung saan ang bawat isa ay haharap sa Diyos upang hatulan ayon sa kanyang mga ginawa sa buhay na ito.

**16.2.** Naniniwala kami na ang maluwalhati at buhay na walang hanggan ay tiniyak sa lahat ng mga taong nagtiwala at sumunod sa ating Panginoong Hesu Kristo; at ang ayaw magsisi hanggang sa wakas ay magdurusa sa impiyerno habang buhay.

* Ang mga talatang ginamit upang suportahan ang Ating Saligan ng Pananampalataya at ipinasa ng 1975 General Assembly ngunit ang mga ito ay hindi bahagi ng Konstitusyon.



# ANG ATING IGLESIA

## Ang Banal na Iglesiang Kristiyano

Kinikilala natin ang nakasaad sa Kasulatan tungkol sa "bayan ng Diyos," ipinahahayag natin na tayo ay bahagi ng "iisa, banal, katoliko, at apostolikong iglesia." Ang pagpapabaustimo sa iglesia ng Diyos ay personal at pangkalahatang patotoo sa nauna at nakapagliligtas na biyaya ng Diyos. Ang ating mga pastor ay itinalaga "sa iglesia ng Diyos"[2] at ang ating kongregasyon ay isang matibay na kapahayagan ng ating pangkalatang iglesia. Pinagtitibay natin ang nasasaad sa Kasulatan tungkol sa kabanalan ng Diyos at ng Kanyang iglesia: pinili bilang instrumento ng banal na biyaya at tinawag upang maging ganap sa pamamagitan ng Banal na Espiritu; at ang lakas at buhay nito, na nagpapalakas ng buhay na katawan ni Kristo sa mundo. Ang iglesiang Kristiyano ay sumasaksi sa katotohanan na ang pagsamba sa Diyos ay ang nag-iisang layunin sa buhay ng isang tao.

Dahil dito, nanawagan ito sa mga makasalanan na magsisi at magbagong buhay, naghihikayat ng banal na pamumuhay sa pamamagitan ng malalim na pagsasama-sama bilang mananampalataya, at nanawagan sa pagpapakabanal ng mananampalataya. Sa kabanalan at katapatan nito, naipakikita ng Diyos ang Kanyang kaharian dito sa mundo, upang ang iglesia, sa tunay nitong anyo, ay maging sukatan ng mensahe nito.

## Nakaayon sa Misyon ng Diyos

Ang misyon ng Diyos sa mundo ay pangunahin sa lahat, at hinango natin ang ating misyon mula sa Diyos, na Siyang lumikha ng langit at lupa, at sa pagitan ng kalikasan at kasaysayan, ay nilikha ang tao para dalhin ang banal na wangis na magpapalaganap ng banal na pag-ibig.  Nang sirain ng kasalanan ang nilikha, ang misyon ng pagtutubos ay nahayag, ito ay "ang panunumbalik ng lahat ng nilikha sa mga layunin ng paglikha ng Diyos."[3]  Ang pagpapanumbalik ng sangkatauhan ay napakahalaga.

Tinawag ito ni John Wesley na "pagpapabanal," o ang pagbabago ng ating kaluluwa sa wangis ng Diyos," na inilarawan bilang "katuwiran at tunay na kabanalan."[4] Ang misyon ng Diyos ay ipinakita sa pagkatawag kay Abraham, hinirang ng Diyos para ang kanyang lahi ay maging "pagpapala sa lahat ng mga bansa" (Genesis 12:1-2), at ipinakita sa kasaysayan ng mga Hebreo, na nagpatotoo sa Iisang Diyos, na ang pangalan ay naihayag sa lahat ng mga bansa sa buong sanlibutan.

Nakilala ng mga Kristiyano ang Diyos bilang Banal na Tatlong Persona at lubos na nahayag ang Diyos sa katauhan ni Hesu Kristo na ating Panginoon. Inaanyahahan at binibigyan tayo ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na makibahagi sa misyon ng Diyos.  Nakikipagkasundo ang iglesia at nagiging daluyan ng biyaya at paghilom ng mga bansa bilang bahagi ng buhay nito na pinabanal. Nakikiisa tayo sa ibang mga Kristiyano sa misyon ng Diyos, ngunit niyayakap natin ang hangarin na nagpapatupad sa ating denaminasyon bilang isang pandaigdigang iglesia kung saan ang pambansang hangganan ay hindi sinasaklaw ang bawat iglesia dahil si Kristo ang nagbubukas ng iglesia sa lahat ng bansa at lahi.

## Pagmiministeryo sa Mundo Tulad ni Kristo

Ang basehan ng ministeryong Kristiyano ay ang biblikal na pagkatawag na maging patotoo ng pag-ibig ng Dios kay Kristo. Pinagtitibay ng mga mananampalataya ang kanilang ministeryo sa pagpapabautismo, kung saan ipinahahayag nila sa publiko na sila ay disipulo ni Kristo.  Ang matapat na pagdidisipulo ay pagpapakita sa mundo ng biyayang ginawa ng Diyos sa buhay natin; at ito rin ang palatandaan ng banal na biyayang kumikilos sa mundo na "lubos na minahal ng Diyos." Ang lahat ng bahagi sa katawan ni Kristo ay handa sa paglilingkod, at ang mga tinawag sa pamumuno ay inordinahan bilang mga pastor o ministro.  Ang kanilang pagkatawag ay naguugat sa malalim paniniwala.

Kinikilala at pinagtitibay ng mga pastor at manggagawa ng iglesia sa lokal at distrito ang mga kinakailangang kaloob at biyaya at, sa pagpupulong ng distrito (district assembly), pinagbobotohan ang mga pastor na bibigyan ng ordinasyon. Ang mga diyakono (deacons) ay itinatalaga rin sa paglilingkod sa ministeryo kung saan ang pagpapahayag ng Salita at pagsasagawa ng Sakramento ay hindi pangunahing responsibilidad. Ang mga pastor ay inordinahan upang hubugin ang katawan ni Kristo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Ebanghelyo, pagbibigay ng sakramento, pag-aalaga sa mga tao sa pananambahan, at pangunguna ng buong kongregasyon.

Ang mga superintendente ay inihahalal sa distrito o sa pangkalahatang pamumuno ng kapulungan ng mga pastor at manggagawa. Ang mga district superintendent (DS) ay namumuno sa mga lokal na iglesia, miyembro, at pastor sa itinalagang lugar.  Ang mga general superintendent (GS) ay nangunguna  sa ministeryo ng buong denaminasyon, pinananatili ang pagkakaisa sa doktrina at

kabanalan sa buong iglesia, at isinasabuhay si Kristo sa pamamagitan ng katapatan at pagbibigay ng adhikain na maaring yakapin ng buong iglesia.

Ang pamamalakad nila ay sumasakop sa buong daigdig. Nakasalalay sa kanilang malinaw na paglalahad ng adhikain at pangangailangan ng bawat bahagi ng iglesia, pakikilahok sa pagtugon ng pangangailangan sa mga ministeryo na nasa mahihirap na lugar sa mundo, at pagkakaisa ng iglesia sa misyon at mensahe. Sa pamamagitan ng ordinasyon ng mga pastor sa iba't-ibang district assembly at sa iba pang pamamaraan, kailangan nilang mapanatili ang pagkakaisa ng denaminasyon na may malawak na pagkakaiba-iba sa pambansa, pangkabuhayan, lahi, at wika.



# PAMUNUAN SA ATING IGLESIA

Lubos na kinikilala ng mga Nazareno ang kanilang iglesia bilang pagpapahayag ng pangkalahatang iglesia. Bukod pa dito, pinanghahawakan natin na ang Banal sa Kasulatan ay hindi nagpakita ng partikular na uri ng pamamalakad sa iglesia, at ang ating paraan ng pamumuno ay hinubog ng pangsang-ayon ng nakararami, sa kondisyon na wala tayong nilalabag sa Kasulatan. Sa ganitong kaisipan, naniniwala tayo na ang misyon ay dapat na humubog sa anyo (2013-2017 Manual, Historical Statement, pp 17-19).

Niyayakap ng Church of the Nazarene ang demokrasyang ipinatutupad sa pamumuno ng Methodist Episcopal na nagpapalawig sa boses ng pastor at manggagawa at pagbibigay ng limitasyon sa kanilang pamumuno. Narito ang ilan sa mga pangunahing bahagi ng pamunuang Nazareno:

- Mayroon tayong tatlong antas ng pamahalaan:
    1. Naghahalal ang kongregasyon ng mga kinatawan sa district assembly taon-taon
    2. Ang mga district assembly naman ay naghahalal ng mga delegado para sa general assembly, na ginaganap tuwing ika-apat na taon.
    3. Ang mga desisyon ng General Assembly ang nagbubuklod sa kabuuang iglesia at lahat ng mga bahagi nito.
- Ang General Assembly ay bumoboto ng mga General Superintendent na gumagabay sa pangkalahatang ministeryo ng denaminasyon at nagpapatupad ng mga ito sa buong iglesia. Nanunungkulan sila sa loob ng 4 na taon at muling ibinoboto sa susunod na General Assembly. Ang bawat general superintendent ay binibigyan ng responsibilidad sa mga distrito na itinalaga

sa kanila, at pamumunuan ang mga distrito sa kanilang district assembly at pagoordina ng mga bagong pastor sa mga distritong nasasakupan niya. Ang bilang ng mga general superintendent ay nagbabago sa pagdaan ng panahon, ngunit ito ay nanatili sa anim simula 1960. Sila ang bumubuo ng Board of General Superintendents, na nagpupulong ng ilang beses sa isang taon.

- Ang mga iglesia sa bawat lugar ay pinag-iisa sa mga distrito na pinamumunuan ng district superintendent. Ang distrito ay itinatalaga para sa layuning pangmisyon at nagpupulong taon-taon bilang district assembly. Ang district assembly ang naghahalal sa district superintendent, na siyang responsible sa pangangalaga ng mga iglesia at mga pastor, nagtatanim ng mga bagong iglesia, at nagpapalakas sa buong distrito.
- Ang mga iglesia ang tumatawag ng sarili nilang mga pastor sa pakikisangguni at pagsang-ayon ng district superintendent at sila rin ang namamahala sa kanilang pondo at pamamalakad ng iglesia.
- Ang mga distrito ng Church of the Nazarene ay iginugrupo ayon sa lugar nila sa mundo (Africa Region, Asia-Pacific, at iba pa). Ang mga rehiyong ito ay misyonal na grupo sa halip na uri ng gobyerno.
- Isang kasulatan sa ating saligan ang nagsasabi na ang mga gusali ng iglesia at bahay ng mga pastor ay pag-aari ng distrito.
- Ang mga babae at lalaki ay maaaring makapaglingkod bilang pastor at mangagawa ng iglesia.
- Tinatawag natin ang ating aklat ng kaayusan na Church of the Nazarene Manual. Ang mga pagbabago sa ating Manual ay pinagtitibay ng general assembly.

(Genesis 18:25; 1 Samuel 2:10; Awit 50:6; Isaias 26:19; Daniel 12:2-3; Mateo 25:31-46; Marcos 9:43-48; Lucas 16:19-31; 20:27-38; Juan 3:16-18; 5:25-29; 11:21-27; Mga Gawa 17:30-31; Roma 2:1-16; 14:7-12; 1 Corinto 15:12-58; 2 Corinto 5:10; 2 Tesalonica 1:5-10; Pahayag 20:11-15; 22:1-15)



# ANG IGLESIA

## Ang Lokal na Iglesia

Nais ng Church of the Nazarene na ang lahat ng tao ay makaranas ng pagbabagong dulot ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapatawad ng kasalanan at paglilinis ng puso kay Hesu Kristo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Ang pangunahin nating misyon ay "makagawa ng mga alagad na tulad ni Kristo sa mga bansa," isama ang mga mananampalataya sa pagsasama-sama at pagiging bahagi ng iglesia (membership), at turuan sila na tumugon sa pananampalataya.

Ang pinakamataas na layunin ng komunidad ng pananampalataya ay iharap ang lahat bilang mga banal kay Kristo (Colosas 1:28) hanggang sa huli.

Sa loob ng lokal na iglesia nangyayari ang pagliligtas, pagpapabanal, pagtuturo at pagtatalaga ng mga mananampalataya. Ang lokal na iglesya, ang Katawan ni Kristo, ay kumakatawan ng ating pananampalataya at misyon.

## Ang Iglesiang Pang-Distrito

Ang mga lokal na iglesia ay pinagsasama sa isang distrito at rehiyon.

Ang isang distrito ay binubuo ng mga lokal na iglesia na nagtutulungan upang padaliin ang misyon ng bawat iglesia sa pamamagitan ng pagsuporta sa isa't-isa, pagbabahagi sa pagtugon sa pangangailangan at pagtutulungan.

Ang district superintendent ang nangangasiwa sa isang distrito sa pakikipag-ugnayan sa district advisory board.

## Ang Pangkalahatang Iglesia

Ang basehan ng pagkakaisa sa Church of the Nazarene ay ang mga paniniwala, pamumuno, kahulugan, at mga pamamaraan na nakasaad sa Manual ng Church of the Nazarene.

Ang buod ng pagkakaisang ito ay ipinahayag sa Mga Artikulo ng Pananampalataya sa Manual. Hinihikayat natin ang mga iglesia sa lahat ng mga rehiyon at wika na ito ay isalin – ipamahagi sa lahat, at ituro ang mga paniniwalang ito sa ating nasasakupan. Ito ang ginintuang sinulid na nagduduktong sa kung sino at ano tayo bilang mga Nazareno.

Ang isang malinaw na larawan ng pagkakaisang ito ay ipinakita sa General Assembly, na siyang "pinakamataas na lupon ng Church of the Nazarene na gumagawa ng doktrina, batas, at pamunuan." (Manual 300)

Ang pangalawang larawan ay ang International General Board, na siyang kumakatawan sa buong iglesia.

Ang ikatlong larawan ay ang Board of General Superintendents, na maaaring magpaliwanag ng Manual, magpahintulot ng mga bagay ayon sa kultura at magtalaga nito sa ministeryo.

Ang pamahalaan ng Church of the Nazarene ay ayon sa kinatawan, at iniiwasan ang labis na pamumuno ng mga ministro sa isang banda at sobrang kapangyarihan ng kongregasyon sa kabilang banda.

Ang iglesia ay higit pa sa magkakabit. Ito ay magkakaugnay.  Ang tali na nagduduktong sa atin ay mas matibay kaysa sa isang sinulid na madaling maputol sa anumang panahon.

Ano ang pinagmumulan ng ating pagbubuklod ? Ito ay si Hesu Kristo. (Church of the Nazarene Manual 2013-2017)



# ANG IGLESIANG MAGKAKAUGNAY

Ang Church of the Nazarene ay “komunidad na banal at magkakaugnay.” Hindi lamang ito samahan ng mga iglesiang independente, o isang samahan ng mga iglesia na magkakatulad ang paniniwala at layunin ngunit walang tunay na relasyon sa isa’t-isa.

Ang iglesia ay sadyang nakatuon sa pakikipag-ugnayan.

Ibig sabihin, tayo ay magkakaugnay na iglesia na itinatag bilang mga distrito upang tuparin ang nagkakaisang misyon ng “paggawa ng mga disipulong tulad ni Kristo sa mga bansa.” Ang pangako ay magmalasakit sa isa’t-isa para sa kapakanan ng misyon at upang mapanatili ang integridad ng ating nagkakaisang paniniwala.

Bilang magkakaugnay na iglesia, kami ay:

- Nagkakaisa sa paniniwala.
- Nagkakaisa sa pinahahalagahan.
- Nagkakaisa sa misyon.
- Nagkakaisa sa responsibilidad.

Ang pagkakaisa sa responsibilidad ay ang pagkakaroon ng pinansiyal na responsibilidad sa paglikom ng pondo para sa misyon sa pamamagitan ng World Evangelism Fund at ibang gawain sa misyon.

Simula noong 1908, ang mga Nazareno ay gumagawa ng mga alagad na katulad ni Kristo sa mga bansa sa pamamagitan ng ministeryo sa iba’t ibang bansa.  Ang mga lugar na inaabot para Kristo ay patuloy na lumalawak at lumalago.  Sa inyong pananalangin at kusang-loob na pagbibigay, mas marami kang nagagawa kasama ang iba pa kaysa sa kaya mong gawin mag-isa.  Ang bawat kaloob na


ibinibigay sa iyong lokal na iglesia ay may layunin sa pagtupad ng misyon.

Ang World Evangelism Fund ay ang paraan ng paglikom ng pondo ng ating denaminasyon. Minsan ay maririnig ninyo ang katagang "funding the mission." Ito ay mas malawak na kataga sa World Evangelism Fund, na ginagamit upang ipakilala ang iba't-ibang paraan ng paglalaan ng pondo sa misyon sa iba't-ibang lugar sa mundo.

Ang pagsuporta sa misyon at ministeryo ng iglesia ay buhay at masigla sa lahat ng rehiyon. Ang paglalaan ng pondo sa misyon ay napakahalaga para sa iglesia lalo na sa sakripisyong pagbibigay para sa nakararami.

Kung titingnan natin ang kabuuang halaga ng mga kaloob sa buong mundo, 86.1 % nito ay ginagamit sa ministeryo sa lokal na iglesia. Ang mga distrito ay gumagamit ng 4.5 %. Ang 1.8 % ay ginagamit sa pagtuturo at pagdidisipulo ng mga mag-aaral sa mga paaralan ng iglesia. At 7.8 % ng pondo mula sa inyong iglesia ang napupunta sa World Evangelism Fund na ginagamit para sa mga misyonero, pandaigdigang ministeryo at iba pang mga espesyal na gawain ng misyon.

Makikita na ang iyong kaloob ay nagbibigay ng pagsasanay, pagdidispulo, at pagdadala ng Mabuting Balita sa mga bata, kabataan at matatanda. Kapag ikaw ay nagbibigay, nakikiisa ka sa lahat ng Nazareno sa magkakaugnay na iglesia; minamahal mo ang mga taong naghihirap, inaabot mo ang mga naliligaw na kaluluwa sa mundo, at gumagawa ka ng disipulong katulad ni Kristo sa mga bansa.



Ang World Evangelism Fund at mga espesyal na gawain ng misyon ay bahagi ng pinagkaisahang responsibilidad - at ginagawang posible para sa iglesia ang pagpapahayo ng mga misyonero, pagtuturo ng mga lokal na lider, at paglalaan ng mga mahuhusay na guro na magpapahayag, magdidisipulo at magtuturo sa susunod na henerasyon ng mga Nazareno.

## Kristiyano. Banal. Misyonal.

Nasasaksihan natin ang katuparan ng adhikain mula sa ating unang General Superintendent na si Phineas F. Bresee. Mula sa simula, ibinahagi niya ang tungkol sa "banal na tanawin" ng Church of the Nazarene na umiikot sa mundo dala ang kaligtasan at kabanalan ng Panginoon."

Ang bawat Nazareno, nasaan man siya, ay nakikilahok sa mas malawak na katuparan ng adhikain na ito.

Ang bawat buhay na binago ay patotoo sa kabanalan na itinuro ni Wesley tungkol sa ganap na kaligtasan para sa lahat.

Ang misyon ng iglesia na "gumawa ng mga alagad na tulad ni Kristo sa lahat ng bansa" ay nagpapaalala sa atin na tayo ay binigyan ng espirtuwal na misyon at kasabay nito ay ginawa rin tayong mabuting katiwala ng mga bagay na ibinigay sa atin ng Panginoon.

Ang misyon ay mula sa Diyos, na nangangahulugan na ang layunin natin ay galing sa mas mataas na misyon, na ginawang posible ng Banal na Espiritu na nananahan sa atin.

Habang pinararangalan natin ang ating "mabuting pinagmulan," ang iglesia ay hindi na makababalik pa sa nakaraan o maaring manatili sa kasalukuyan.  Bilang tagasunod ni Hesu Kristo, kailangan nating magpatuloy na humayo sa mga lungsod "na ang nagplano at nagtayo ay ang Diyos" (Hebre 11:10).

Masdan mo, binabago ng Diyos ang lahat ng bagay!

[1] *Journal of the Twentieth General Assembly, Church of the Nazarene,* (1980): 232. Franklin Cook, *The International Dimension* (1984): 49.

[2] Ang mga salitang ito ay nakasulat sa mga kredensyal sa ordinasyon.

[3] Roger L. Hahn, "The Mission of God in Jesus' Teaching on the Kingdom of God," in Keith Schwanz and Joseph Coleson, eds., *Missio Dei*: A Wesleyan Understanding (2011), 58.

[4] John Wesley, *Sermons, Volume II* (1902), p. 373; John Wesley, *A Plain Account of Christian Perfection*, in J. A. Wood, *Christian Perfection as Taught by John Wesley* (1885), 211.

# NANINIWALA KAMI

1

Sa iisang Diyos - ang Ama, ang Anak, at Espiritu.

2

Na ang Luma at Bagong Tipan ay Kasulatan na ibinigay sa pamamagitan ng inspirasyon, at naglalaman ng lahat ng katotohanan na kinakailangan sa pananampalataya at pamumuhay Kristiyano

3

Na ang tao ay isinilang na may likas na kasalanan at maaaring makagawa ng masama at magpatuloy dito.

4

Na ang ayaw magsisi ay walang pagasa at walang hanggan ang pagdurusa.

5

Na ang kaligtasan sa pamamagitan ni Hesu Kristo ay para sa lahat ng tao; at kung sinuman ang magsisi at maniwala sa Panginoong Hesu Kristo ay napatawad na at babaguhin at ililigtas sa kasalanan.

6

Na ang mga mananampalataya ay kailangang maging lubos na banal, kasunod ng pagpapapabago, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Hesu Kristo.

7

Na ang Banal na Espiritu ay nagpapatotoo sa ating bagong buhay at sa pagiging banal ng lahat ng mananampalataya.

8

Na ang Panginoon ay muling babalik, ang mga patay ay muling mabubuhay at ang huling paghuhukom ay magaganap.

CHURCH OF THE NAZARENE